دين الإسلام - فلبيني

# Ang Relihiyong

# Islam



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

25

# Ang Relihiyong Islam

## دين الإسلام – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# دين الإسلام

أعده فهد بن حمد المبارك
ترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

الطبعة السابعة : ٦ /١٤٤٢ هـ

ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٧ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية
المبارك، فهد حمد
دين الإسلام / ترجمة: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

٨٠ ص؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك: ٧ـ١٧ـ٨١٣ـ٩٩٦٠
(النص باللغة الفلبينية)

١. الإسلام أ. شعبة توعية الجاليات بالزلفي ب. العنوان

ديوي ٢٤٠ ١٧/٠٠٦٦

رقم الإيداع: ١٧/٠٠٦٦

ردمك: ٧-١٧-٨١٣-٩٩٦٠

# Mga Nilalaman


Walang Diyos Kundi si Allah . . . . . . . . . . . . . . . 5

Si Allah ang Tagapaglikha . . . . . . . . . . . . . . . . . 5

Bakit Nilikha Tayo ni Allah? .. . . . . . . . . . . . . . . 15

Si Muhammad ay Sugo ni Allah . . . . . . . . . . . . 17

Ang Sugong si Noe (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . 18

Ang Sugong si Hud (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . 21

Ang Sugong si Sálih (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . 22

Ang Sugong si Abraham (AS) . . . . . . . . . . . . . 24

Ang Sugong si Lot (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Ang Sugong si Shu'ayb (AS) . . . . . . . . . . . . . 26

Ang Sugong si Moises (AS) . . . . . . . . . . . . . . . 28

Ang Sugong si Jesus (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . 38

Si Muhammad ang Sugo ni Allah at ang Pangwakas sa mga Propeta at sa mga Sugo . . . 43

Ang Talaangkanan Niya . . . . . . . . . . . . . . . . . . 44

Ang mga Katangian Niya . . . . . . . . . . . . . . . . . 44

Ang Quraysh at ang mga Arabe . . . . . . . . . . . . 45

Ang Pagsugo sa Propeta (SAS) . . . . . . . . . . . . 46

Ilan sa mga Himalang Itinulong ni Allah sa Sugo (AS) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 58

Ang mga Mararangal na Sahábah . . . . . . . . . . . 59

Ang mga Saligan ng Islam . . . . . . . . . . . . . . . . 61

Ang mga Saligan ng Pananampalataya . . . . . . . 64

Ang mga Katuruan ng Islam at mga Kaasalan Nito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 65
Ang mga Ipinagbabawal. . . . . . . . . . . . . . . . . . 76
Ang Pagsisisi sa mga Nagawang Ipinagbabawal . . . . . . . . . . .. . . . . . . . . . . . . 86
Ang Pagpapahalaga ng mga Muslim sa Kawastuan at Pagpaparating ng Katuruan ng Islam . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .. 88
Huling Paksa Hinggil sa Agham ng Hádith . . . 94
Pagwawakas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 96

## Walang Diyos Kundi si Allah[1]

Ang Batayang Saligan ng Relihiyong Islam ay ang Pahayag ng Tawhíd:[2] Walang Diyos kundi si Allah. Kung wala ang matigas na batayang ito, hindi tatayo ang matayog na gusali ng Islam. Ito ang unang Pahayag na kinakailangang bigkasin ng isang pumapasok sa Relihiyong Islam, nang may pananampalataya rito at paniniwala sa lahat ng kahulugan nito at mga ipinahihiwatig nito. Kaya ano ang kahulugan ng pahayag na walang Diyos kundi si Allah? Ang pahayag na walang Diyos kundi si Allah ay nangangahulugang:

- Walang sinasamba na karapat-dapat sa pagsamba kundi si Allah
- Walang tagapaglikha sa sansinukob kundi si Allah
- Walang may-ari at namamahala sa sansinukob kundi si Allah

## Si Allah ang Tagapaglikha

Si Allah ang lumikha sa malawak na maganda na kahanga-hangang sandaigdigan na ito. Ang langit na ito sampu ng mga naglalakihang bituin nito at mga planeta nito ay umiinog ayon sa isang mahusay na sistema at kagilas-gilas na pagkilos; walang humahawak sa mga ito kundi si Allah. Ang daigdig na ito sampu ng mga bundok nito, mga lambak nito, mga burol nito, at mga ilog nito; sampu ng mga kahoy nito, at mga pananim nito; sampu ng mga hangin nito, at tubig nito; sampu ng

---

[1] Ang pansariling pangalan ng Diyos sa wikang Arabe. *Ang Tagapagasalin.*

[2] Ang walang pag-aalinlangang paniniwala sa Kaisahan ni Allah sa Pagkadiyos, Pagkapanginoon, at sa mga pangalan at mga katangian Niya. *Ang Tagapagsalin*.

kalupaan nito, at karagatan nito; sampu ng gabi nito at araw nito; sampu ng sinumang nanirahan dito at lumakad dito ay nilikha ni Allah lamang at pinairal Niya mula sa kawalan. Nagsabi si Allah sa Marangal na Aklat Niya:

**"Ang araw ay tumatakbo patungo sa pinagtalagaan para rito. Iyon ang pagtatakda ng Makapangyarihan, Maalam. Ang buwan, tinakdaan Namin ito ng mga himpilan hanggang sa manumbalik ito na gaya ng magulang na tangkay ng datiles. Ang araw, hindi nararapat para rito na abutan ang buwan, at ni ang gabi ay lalampas sa maghapon. Lahat, sa ikutan, ay lumalangoy."**(36:38-40).[3]

**"Ang Lupa, inilatag Namin ito, naglagay Kami rito ng mga bundok, at nagpatubo Kami rito ng bawat marikit na uri *ng halaman* bilang pagpapakita at paalaala sa bawat lingkod na nagbabalik-loob. Nagpababa Kami mula sa langit ng tubig na biniyayaan, at nagpatubo Kami sa pamamagitan nito ng mga hardin at mga butil na inaani, at mga puno ng datiles—mga nagtataasan na may mga buwig na patung-patong,"**(50:7-10).

Ito ay ang nilikha ni Allah na kapitapitagan at kataastaasan. Ginawa Niya ang daigdig na tahanan at nilagakan Niya ito ng katangian ng grabitasyon na may takdang sukat na naaangkop sa pangangailangan ng buhay sa ibabaw nito. Hindi nadadagdagan ang grabitasyon para humirap ang paggalaw at hindi nababawasan para magliparan ang mga nabubuhay rito. Lahat ng bagay sa Kanya ay may takdang sukat.

---

[3] Ang mga talata ng Qur'an o mga ulat tungkol kay Propeta Muhammad (SAS) na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe, ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

Nagbaba Siya mula sa langit ng tubig na dalisay, na hindi iiral ang buhay kundi dahil dito. **“Ginawa Namin mula sa tubig ang bawat bagay na buhay;”**(21:30). Pinatubo Niya sa pamamagitan ng tubig ang mga halaman at ang mga bunga, at pinainom nito ang mga hayop at ang mga tao. Inihanda Niya ang lupa upang mag-ingat sa tubig at pinadaloy Niya ito sa loob ng lupa: sa mga bukal at mga ilog. Nagpatubo Siya sa pamamagitan nito ng mga hardin na may karikitan sampu ng mga punong-kahoy ng mga ito, mga bulaklak nito, mga rosas nito, at kagandahan nito na nakahahalina. Si Allah mahusay sa paglikha sa bawat bagay.

Sinimulan Niya ang paglikha sa tao mula sa putik. Ang unang tao na nilikha ni Allah ay, si Adan (AS),[4] ang ama ng sangkatauhan. Nilikha Niya ito mula sa putik at pagkatapos ay hinubog Niya ito, inanyuan Niya ito, at hinipan Niya ito ng espiritu na likha Niya. Pagkatapos ay nilikha Niya mula rito ang kabiyak nito. Pagkatapos ay ginawa Niya ang mga inapo nito mula sa hinango mula sa isang hamak na likido. Nagsabi si Allah:

**“Talaga ngang nilikha Namin ang tao mula sa hinango mula sa putik. Pagkatapos ay ginawa Namin siya mula sa punlay sa tahanang ligtas. Pagkatapos ay nilkha Namin ang ang punlay bilang isang namuong dugo, pagkadaka ay nilikha Namin ang namuong dugo bilang isang pirasong laman, pagkatapos ay nilikha Namin ang pirasong laman bilang mga buto, pagkatapos ay binalot Namin ang buto ng laman. Pagkatapos ay iniluwal Namin ito na isang panibagong nilikha. Kaya Mapagpala si Allah, ang pinakamahusay sa mga lumilikha.”**(23:12-14).

---

[4] **‘A**layhis **S**alám: Sumakanya ang Kapayapaan (o Pagbati). Sinasambit ito kapag nababanggit ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o ng isang propeta.

**"Kaya nakita ba ninyo ang punlay na inilalabas ninyo. Kayo ba ay lumilikha niyon o Kami ay ang tagapaglikha? Kami ay nagtakda sa inyo ng kamatayan, at Kami ay hindi mauunahan na magpalit ng mga tulad ninyo at lumalang sa inyo sa anyo na hindi ninyo nalalaman."**(56:58-61).

Magmuni-muni ka sa pagkalikha ni Allah sa iyo, makatatagpo ka ng kahanga-hanga mula sa mga maselang sangkap at mga mahusay na sistema[5] na wala kang nalalaman sa mga gawain ng mga ito kundi ang kakaunti, huwag nang sabihing makokontrol mo pa ang mga ito. Mayroon itong isang kumpletong sangkap para sa pagtunaw ng pagkain. Nagsisimula ito sa bibig; pinuputol ang pagkain sa maliliit na mga piraso upang mapadali ang pagtunaw nito, pagkatapos ay dadaan sa lalagukan. Pagkatapos niyon ay mapupunta ang isinubo sa lalamunan, pagkadaka ay bubuksan para rito ng *epiglottis*, ang pinto ng esopago, at ipipinid ito ng pinto ng *trachea*. Pagkatapos ay madudulas ang isinubo papunta sa sikmura sa pamamagitan ng esopago na kumikilos na parang mga kilos ng bulati. Sa sikmura magpapatuloy ang gawain ng pagtunaw. Dito ay magbabagong-anyo ang pagkain upang maging isang likido na tinatawag na *chyme*,[6] na bubukas para rito ang bukana palabas sa sikmura at tutungo sa *duodenom*[7] at doon magpapatuloy ang pagsasagawa ng pagtunaw. Ang pagtutunaw ay ang pagbabagong-anyo ng

---

[5] Ang sangkap ay ang tinatawag na *organ* sa Ingles: isang bahagi ng katawan, gaya ng puso o atay o mata, na nagsasagawa ng isang partikular na gawain. Ang sistema o *system* sa Ingles ay isang pangkat ng mga *organ* na magkasamang nagsasagawa ng isang gawaing mahalaga sa buhay, gaya ng sistemang panunaw o *digestive system*.

[6] Malalikidong materyal mula sa hindi gaanong natunaw na pagkain na inilalabas ng bituka ng sikmura patungo sa *duodenom.*

[7] Ang unang bahagi ng mga maliliit na bituka.

hilaw na materyal —ang pagkain—upang maging isang materyal na nababagay at naaangkop para ipakain sa mga selyula ng katawan. Pagkatapos mula rito ay patungo sa mga maliit na bituka, na dito malulubos ang pangwakas na mga proseso ng pagtutunaw. Ang mga materyal na mala-puti-ng-itlog (*albuminous*) ay magiging mga *amino acid*; ang mga materyal na mala-gawgaw (*starchy*) ay magiging asukal; at ang mga materyal na malangis ay magiging mga *fatty acid* at *glycirine*. Ang pagkain sa ganitong anyo ay magiging angkop para masipsip [ng katawan] sa pamamagitan mga *pelusa* na matatagpuan sa loob ng mga bituka upang dumaloy kasama ng agos ng dugo.

Mayroon iyong kumpletong sistema para sa sirkulasyon ng dugo na umaabot sa mga ugat na masalimuot—na kung babanatin mo ay talaga namang lalampas sa libu-libong kilometro ang haba nito na nakaugnay sa pangunahing himpilan ng pagbobomba na tinatawag na puso, na hindi napapagod at hindi nagsasagawa sa pagsasalin ng dugo sa pamamagitan ng mga ugat na iyon.

Mayroong isa pang sistema na para naman sa paghinga. Ang ikaapat na sistema ay para sa mga nerbiyo (*nerve*) at ang ikalima ay para sa pagpapalabas ng mga dumi. Mayroong ikaanim, ikapito, at ikasampung sistema, na nadaragdagan araw-araw ang mga kaalaman natin sa mga ito, ngunit ang nakalingid sa kaalaman natin ay higit na marami kaysa sa nalalaman natin. Kaya sino ang lumikha sa taong ito nang ganito kagaling kundi si Allah?

Dahil doon ang pinakamabigat na kasalanan sa sansinukob ay na gawan mo si Allah na kaagaw gayong Siya ay lumikha sa iyo.

Magsimula ka na may nakabukas na puso at busilak na kaluluwa at magbulay-bulay ka sa kahanga-hangang ginawa ni Allah. Itong hangin na sinisinghot mo at nanunuot sa iyo sa lahat ng lugar, na walang kulay na nagpapalabo sa mga paningin, na kung sakaling mahinto ang pagdating nito sa iyo sa loob ng iilang mga minuto ay hihiwalayan ka ng buhay. Tunay na itong tubig na iniinom mo, iyang pagkaing kinkain mo, itong tao na minamahal mo, itong lupa na nilalakaran mo, iyang langit na pinagmamasdan ng lahat ng nakikita ng mga mata mo at ng hindi nakikita ng mga ito na mga nilikha na malaki man o maliit, lahat ng iyon ay kabilang sa nilikha ni Allah, ang Mapaglikha at ang Maalam.

Tunay na ang pagninilay-nilay sa mga nilikha ni Allah ay mag-papabatid sa atin sa kadakilaan ni Allah at kakayahan Niya. Tunay na ang pinakamalaki sa mga tao sa kahangalan, kamangmangan, at pagkaligaw ay ang sinumang nakakikita sa pagkakalikhang ito na kahanga-hanga, dakila, nagkakatugma, na nagpapahiwatig sa nag-niningning na karunungan at lubos na kakayahan at pagkatapos ay hindi naniniwala sa tagapaglikha na nagpalitaw sa mga ito mula sa wala. Nagsabi si Allah: **"O nilikha ba sila mula sa isang bagay na wala o sila ang mga tagapaglikha? O nilikha ba nila ang mga langit at ang lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak."**(52:35-36).

Si Allah ay nakikila ng di-nasirang kalikasan ng tao nang walang pangangailangan sa pag-aaral. Ikinintal Niya sa pagkalikha nito ang pagbaling at ang pagdulog sa Kanya, subalit ito ay naiiligaw at nailalayo sa Kanya. Dahil dito kapag dinapuan ito ng isang sakuna o kasawiang-palad o matinding krisis at mga kapighatian at nakaharap nito ang napipintong panganib sa lupa o sa dagat, dumudulog ito kaagad kay Allah at humihingi sa Kanya ng tulong at kaligtasan sa bumabagabag.

Tinutugon ni Allah ang nagigipit kapag nanawagan sa Kanya at inaalis Niya ang bumagabag. Ang dakilang Tagapaglikha na ito ay higit na malaki sa anumang bagay. Bagkus hindi maihahambing sa Kanya ang anumang bagay mula sa nilikha Niya sapag Siya ay ang Dakila na walang hanggan sa kadakilaan Niya at hindi Siya masasaklawan ng kaalaman ng sinuman. Siya ang nagtataglay ng katangian ng kataasan sa mga nilikha Niya sa ibabaw ng mga langit Niya.

Walang katulad sa Kanya na anumang bagay at Siya ay ang Nakaririnig at ang Nakakikita sa lahat. Hindi Niya nakawawangis ang anuman sa mga nilikha Niya. Ang anumang sumagi sa isipan mo, si Allah ay hindi ganoon. Nakikita Niya tayo mula sa ibabaw ng mga langit Niya samantalang tayo ay hindi nakakikita sa Kanya. **"Hindi Siya naaabot ng mga paningin, samantalang naaabot Niya ang mga paningin. Siya ay ang Mabait, ang Nakababatid."** (6:103). Bagkus hindi makakaya ng mga pakiramdam natin at mga lakas natin na makita Siya sa mundong ito. Hiniling na iyon ng isa sa mga propeta ni Allah, si Moises (AS), noong kinausap ito ni Allah sa bundok ng Túr. **"Panginoon ko, magpakita Ka po sa akin, titingin ako sa Iyo. Nagsabi Siya: "Hindi mo Ako makikita, subalit tumingin ka sa bundok; kung namalagi ito sa kinaroro-onan nito ay makikita mo Ako." Ngunit noong tumambad ang Panginoon niya sa bundok, ginawa Niya ito na tibag-tibag at humandusay si Moises nang walang ulirat. Kaya noong nagka-malay siya, nagsabi siya: "Kaluwalhatian sa Iyo, nagsisi ako sa Iyo at ako ay ang una sa mga mananampalataya.""**(7:143). Ang malaki at matayog na bundok ay gumuho at nadurog sa pagtambad ni Allah doon, kaya papaanong makakaya ng tao iyon sa pamamagitan ng mahina at kakaunting lakas nito?

Kabilang sa mga katangian ni Allah ay na Siya ay nakakaya sa lahat ng bagay. **"Hindi mangyayari na si Allah ay malulusutan ng anumang bagay sa mga langit at lupa. Tunay na Siya ay Maalam, Nakakakakaya."**(35:44). Nasa kamay Niya ang buhay at ang kamatayan. Nangangailangan sa Kanya ang bawat nilikha ngunit Siya ay walang pangangailangan sa lahat ng nilikha. Nagsabi Siya: **"O mga tao, kayo ay ang mga nangangailangan kay Allah samanta-lang si Allah ay ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri."**(35:15).

Kabilang din sa mga katangian Niya ang kaalamang sumasaklaw sa lahat ng bagay. **"Taglay Niya ang mga susi ng Nakalingid; walang nakaaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at nasa karagatan. Walang nalalaglag na dahon na hindi Niya nalalaman ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang sariwa ni tuyot na hindi nasa malinaw na aklat."**(6:59). Nalalaman Niya ang sinasalita ng mga dila natin at ang mga ginagawa ng mga bahagi ng mga katawan natin, bagkus pati na ang kinikimkim ng mga dibdib natin. **"Nalalaman Niya ang pagtataksil ng mga mata at ang kinikimkim ng mga dibdib."**(40:19). Samakatuwid si Allah ay nakamasid sa atin, naka-babatid sa mga kalagayan natin. Walang maikukubli sa Kanya na anumang bagay sa lupa ni sa langit. Hindi Siya nalilingat, hindi Siya nakalilimot, at hindi Siya natutulog. Sinabi Niya: **"Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapag-aruga. Hindi Siya natatangay ng antok ni ng pagkatulog. Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya ang makapamamagitan sa Kanya nang walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Wala silang matatalos sa anuman mula sa kaalaman**

**Niya maliban sa niloob Niya. Nasaklawan ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Dakila.”**(2:255).

Taglay Niya ang mga katangian ng lubos na kaganapang walang kakulangan at walang kapintasan. Taglay Niya ang mga pangalang napakaganda at mga katangiang napakataas. Sinabi Niya: **“Taglay ni Allah ang mga pangalang napakaganda, kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. Hayaan ninyo ang mga nagkakaila sa mga pangalan Niya; gagantihan sila sa anu-mang kanilang gingagawa noon.”**(7:180). Si Allah ay walang katambal sa paghahari Niya, walang kaagaw at walang katulong.

Hindi Siya nagkaroon ng asawa at anak, bagkus Siya ay walang-pangangailangan sa lahat ng iyon. Nagsabi si Allah: **“Sabihin mo: “Siyang si Allah ay iisa. Si Allah ay ang Dulugan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang iisa mang naging kapantay sa kanya.””**(112:1-4). Sinabi pa Niya: **“Sinabi nila: “Nagkaroon ng anak ang Madamayin.” Talaga ngang nagsabi kayo ng isang bagay na kasuklam-suklam. Halos ang mga langit ay magkabitak-bitak dahil doon at mabiyak ang lupa at gumuho ang mga budok nang durog-durog, dahil sa nag-ukol sila sa Madamayin ng anak. Hindi nararapat sa Madamayin na magkaroon ng anak. Lahat ng nasa mga langit at lupa ay pupunta lamang sa Madamayin bilang isang alipin.”**(19:88-93).

Siya ang nagtataglay ng ganap na mga katangian ng karangalan, kagandahan, lakas, kadakilaan, kabunyian, paghahari at kapangya-rihan. Siya ang nagtataglay ng mga katangian ng pagkamapag-bigay, pagpapatawad, awa at

pagkakawanggawa. Siya ang Madamayin na ang awa Niya sumaklaw sa bawat bagay, ang Maawain na nauna ang awa Niya kaysa galit Niya at ang Mapagbigay na walang hangganan sa pagbibigay Niya at hindi nauubos ang kayamanan Niya.

Lahat ng mga pangalan ni Allah ay napakaganda na nagpapahi-watig sa mga katangian ng lubos na kaganapan na nararapat lamang na maukol sa Kanya. Ang pagkakilala sa mga katangian ni Allah ay nagdadagdag sa puso ng pagmamahal, paggalang, takot at pagpa-pakumbaba sa Kanya. Dahil dito, tunay na ang kahulugan ng **walang Diyos kundi si Allah** ay na hindi magbabaling ng anumang uri ng pagsamba kung hindi kay Allah. Walang karapat-dapat sambahin kundi si Allah sapagkat si Allah ang nagtataglay ng mga katangian ng pagkadiyos at kaganapan. Siya rin ay ang Tagapaglikha, ang Tagapagtustos, ang Tagapagbiyaya, ang Tagapagbigay ng buhay, ang Tagabawi ng buhay, at ang Nagmamagandang-loon sa mga nilikha Niya. Kaya Siya lamang ang karapat-dapat sa pagsamba—wala Siyang katambal.

Sinumang tumanggi sa pagsamba kay Allah o sumamba sa iba pa kay Allah ay nagtambal sa pagkadiyos Niya at tumangging sumam-palataya sa kaisahan Niya. Samakatuwid, ang pagpapatirapa, ang pagyukod, ang pagpapakumbaba, at pagdarasal ay iuukol lamang kay Allah. Hindi magpapasaklolo kung hindi kay Allah.[8] Hindi mag-uukol ng panalangin kung hindi kay Allah. Walang hihingan ng saklolo (na hindi makakayang ibigay ng tao) kundi si Allah. Walang pag-uukulan ng panalangin kundi si Allah, walang hihingan ng mga pangangailangan kundi si Allah, at walang paghahandugan ng ano mang handog, pagsunod at pagsamba kundi si Allah.

[8] Hindi hihingi ng saklolo sa iba pa kay Allah kung walang makapagbibigay ng saklolo na iyon kundi si Allah lamang.

**“Sabihin mo: “Tunay na ang dasal ko, ang paghahandog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay para kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin; at ako ay una sa mga Muslim.””**(6:162-163).

## Bakit Nilikha Tayo ni Allah?

Nilikha tayo ni Allah upang sambahin Siya at upang subukin Niya ang pananagumpay natin sa pagpapatupad sa pagsambang ito. Sinumang sumamba kay Allah, umibig sa Kanya, magpakumbaba sa Kanya, sumunod sa mga kautusan Niya at umiwas sa mga ipinag-bawal Niya ay magtatamo ng kasiyahan Niya, awa Niya at pag-ibig Niya. Gagantihan Niya ito ng magandang ganti. Sinumang tumanggi sa pagsamba kay Allah na lumikha sa kanya at nagtustos sa kanya, pagmalaki sa pag-ayaw sa pagsamba, tumangging magpaakay sa mga kautusan Niya at tumangging umiwas sa mga ipinagbabawal Niya, ay magiging karapat-dapat sa galit at poot ni Allah. Masakit ang parusa Niya.

Si Allah ay hindi lumikha sa atin nang walang kabuluhan at hindi nagpabaya sa atin na hinahayaan. Kabilang sa pinakamangmang sa mga tao at pinakahangal sa kanila ay ang nag-akalang lumabas siya sa mundong ito, pinagkalooban ng pandinig, paningin at isip, at pagkatapos ay mamumuhay sa loob ng isang yugto ng panahon at pagkatapos ay mamatay nang hindi niya nalalaman kung bakit siya dumating sa mundong ito at kung saan siya pupunta pagkatapos nito. Nagsabi si Allah: **“Kaya ipinagpapalagay ba ninyo na nilikha Namin bilang isang laro lamang, at na kayo sa Amin ay hindi magsisibalik?”**(23:115).

Para sa Kanya, ang sinuman sa atin na naniniwala sa Kanya, nananalig sa Kanya, nagpapahatol sa Kanya, umiibig sa Kanya, nagpapakumbaba sa Kanya, nagpapakalapit sa Kanya sa pamamagitan ng mga pagsamba, at naghahanap sa anumang ikinasisiya Niya sa lahat ng sandali ay hindi nakakapantay ng sinumang tumatangging sumampalataya kay Allah—na lumikha sa kanya at nagbigay-anyo sa kanya—nagpapasinungaling sa mga Tanda Niya, sa Relihiyon Niya, at tumatanging magpakumbaba sa kautusan Niya. Ang una ay magtatamo ng pagpaparangal, gantimpala, pag-ibig at pagkalugod at ang huli ay babagsakan ng poot, galit, paghamak at pagdurusa.

Bubuhayin ni Allah ang mga tao sa mga libingan nila matapos silang namatay. Gagantihan Niya ang nagpakabuti sa kanila ng gin-hawa at pagpaparangal sa Paraiso ng kaginhawahan at parurusahan naman Niya ang nagpakasama na nagmamalaki na tumatanggi sa pagsamba sa Kanya ng pagdurusa sa Impiyerno. Isipin mo na lamang ang laki ng pagpaparangal at gantimpala para sa mga nagpakabuti kapag ang gantimpala at ang pagpaparangal na ito ay mula kay Allah na mayaman na mapagbigay na walang hanggan sa pagbibigay Niya at awa Niya at hindi nauubos ang mga kayamanan Niya. Tunay na ang gantimpalang ito ay magiging rurok ng kaginhawahan—hindi magwawakas at hindi maglalaho. (Ito ang tatalakayin natin mamaya.) Isipin mo rin ang tindi ng parusaat sakit ng pagdurusa at ang laki ng paghamak sa isang tumangging sumampalataya kapag mag-bubuhat ang mga ito kay Allah, ang Nanaig, ang Makapagmamalaki ang Dakila, na walang hanggan sa pananaig Niya at kabunyian Niya.

## Si Muhammad ay Sugo ni Allah

Ang pananampalataya sa pagkasugo ni Muhammad (SAS)[9] ay ang ikalawang kabiyak ng pangunahing haligi sa mga haligi ng Islam at ang pangunahing saligan na tinatayuan ng gusali nito. Ang isang tao ay nagiging isang Muslim matapos na binigkas niya ang pagsaksi kay Allah at kay Muhammad (SAS). Sasaksi siya na walang Diyos kundi si Allah at sasaksi rin siya na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

**Ano ang kahulugan ng sugo? Sino si Muhammad? Mayroon bang iba pang mga sugo bukod pa sa kanya? Ang mga ito ay ang sisikapin nating sagutin sa mga pahinang ito.**

Ang sugo ay lalaking nasa napakataas na tugatog ng katapatan sa pananalita at kagandahang asal, na pinili ni Allah mula sa mga tao. Kinakasihan Niya ito ng anumang niloob Niya na mga kautusan sa relihiyon o mga bagay-bagay hinggil Nakalingid,[10] at inutusang iparating ang mga ito sa mga tao. Samaktuwid, ang sugo ay isang taong ang tulad niya at tulad ng lahat ng tao. Kumakain siya kung papaanong kumakain ang mga tao, uminom siya kung papaanong umiinom sila at nangangailangan siya kung papaanong nangangai- langan ang mga tao. Subalit naiiba siya sa kanila dahil sa Kasi na dumarating sa kanya mula kay Allah. Ipinaalam ni Allah sa

---

[9] **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at pangalagaan (o batiin) siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[10] Ang Nakalingid ay ang anumang nalingid sa mga tao na mga pangyayaring panghinaharap at pangnakaraan gaya ng mangyayari sa hinaharap at sa Kabilang-buhay, at anumang hindi nila nakikita gaya ng mga anghel.

kanya ang anumang niloloob Nito gaya ng mga bagay-bagay hinggil sa Nakalingid at mga kautusan ng Relihiyon na ipararating niya sa mga tao. Naiiba rin siya sa kanila sa pagtatamasa niya ng pangangalaga ni Allah laban sa pagkasadlak sa mga malalaking pagkakasala o anumang bagay na makasisira sa pagpaparating sa mensahe ni Allah sa mga tao.

Babanggit tayo ng ilan sa mga kasaysayan ng mga sugo na nauna kay Propeta Muhammad (SAS) upang maging malinaw sa atin na ang mensahe ng mga sugo ay iisa at iyon ay ang pag-aanyaya sa pagsamba kay Allah lamang. Ang una sa mga sugong ito matapos si Adan, ang ama ng sangkatauhan, ay si Noe (AS).

## Ang Sugong si Noe (AS)

Sampung siglo ang namagitan kina Noe at Adan. Isinugo siya ni Allah sa mga kalipi niya matapos na naligaw sila at sumasamba sa mga diyos na iba pa kay Allah. Sinasamba nila noon ang mga diyus-diyusan, ang mga bato, at ang mga puntod kaya ipinadala siya ni Allah sa kanila upang panumbalikin sila sa pagsamba kay Allah lamang, gaya ng ipinabatid sa atin ni Allah sa sinabi Niya: **"Talaga ngang isinugo Namin si Noe sa mga kalipi nito kaya nagsabi ito: "O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya. Tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusa sa dakilang araw.""**(7:59).

Patuloy siyang nag-aanyaya sa mga kalipi niya sa pagsamba kay Allah lamang sa loob ng matagal na panahon ngunit walang naniwala sa kanya kundi iilan kaya nanalangin siya sa Panginoon niya, na nagsasabi: **"Panginoon ko, inanyayahan ko ang mga kalipi ko sa gabi't araw, subalit walang**

**naidagdag sa kanila ang pag-aanyaya ko kundi pagtakas *sa pananampalataya*. Tunay na ako, tuwing nag-aanyaya ako sa kanila upang patawarin Mo sila, inilalagay nila ang mga daliri nila sa mga tainga nila, itinataluk-bong nila ng mga damit nila, nagmamatigas sila at nagmamalaki nang *matinding* pagmamalaki. Pagkatapos tunay na ako ay nag-anyaya sa kanila nang hayagan. Pagkatapos tunay na ako ay nagpahayag sa kanila at nakipag-usap sa kanila nang palihim, at nagsabi ako: "Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo, tunay na Siya ay laging Mapagpatawad, magpapadala siya ng ulan sa inyo na masagana, magpaparami Siya sa inyo ng mga ari-arian at mga anak, gagawa Siya para sa inyo ng mga hardin at gagawa Siya para sa inyo ng mga ilog. Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo natatakot kay Allah nang may pagpipitagan, samantalang nilikha Niya kayo sa mga antas?"**(71:5-14).

Sa kabila ng patuloy na pagsusumikap na ito at pambihirang mithiin na patnubayan ang mga kababayan niya, gayunpaman sila ay nagpasinungaling sa kanila sa kanya, nangutya sa kanya at nag-bintang sa kanya ng mga paratang ng kabaliwan. Kaya naman ikinasi sa kanya ni Allah na: **"Walang sasampalataya mula sa mga kalipi mo kundi ang sumampalataya na, kaya huwag kang mahapis sa mga ginagawa nila noon."**(11:36). Inutusan siya ni Allah na gumawa ng isang arko na paglululanan ng lahat ng sumampalataya kasama niya. **"Habang gumagawa siya ng arko at sa tuwing may napadaan sa kaya na mga pinuno ng mga kalipi niya, kinukutya nila siya. Nagsabi Siya: "Kung nangungutya kayo sa amin ay tunay na kami ay mangungutya rin sa inyo kung paanong nangu-ngutya kayo, at malalaman ninyo kung sino ang pupuntahan ng isang**

**pagdurusang magdudusta sa kanya at dadapuan ng pagdurusang mamamalagi. *Gayon nga* hanggang sa dumating ang utos Namin at bumulwak ang pugon. Sinabi Namin: "Ilulan mo sa loob niyon ang bawat dalawang uri, ang mag-anak mo— maliban sa isang nauna na sa kanya ang hatol—at ang sinumang sumampalataya. Walang sumampalataya kasama niya kundi kakaunti. Sinabi niya: "Magsisakay rito; sa ngalan ni Allah ang paglalayag nito at ang pagdaong nito. Tunay na ang Panginoon ko ay talagang Mapagpatawad, Maawain. Ito ay naglayag dala sila sa gitna ng mga alon na gaya ng mga bundok. Tinawag ni Noe ang anak niya. Ito ay nasa pinaglayuan *nito*. "O anak ko, sumakay ka kasama namin at huwag kang maging kabilang sa mga tumatangging sumampalataya." Nagsabi ito: "Paparoon ako sa isang bundok na magsasanggalang sa akin laban sa tubig." Nagsabi siya: "Walang makapagsasanggalang sa araw na ito laban sa takda ni Allah maliban sa kinaawaan Niya. Humarang sa pagitan nilang dalawa ang mga alon, kaya ito ay naging kabilang sa mga nangalunod. Sinabi: "O lupa, lulunin mo ang tubig mo; o langit, pigilin mo *ang ulan*." Humupa ang tubig, natupad ang takda at lumuklok ito sa tuktok ng *bundok ng* Júdí. Sinabi: "Kasawian sa mga taong lumabag sa katarungan." Nanawagan si Noe sa Panginoon niya at nagsabi: "O Panginoon ko, tunay na ang anak ko ay kabilang sa mag-anak ko, tunay na ang pangako Mo ay ang totoo, at Ikaw ay ang pinakamakata-rungan sa mga hukom. Nagsabi Siya: "O Noe, tunay na siya ay hindi kabilang sa mag-anak mo. Tunay na siya ay may gawang hindi matuwid. Kaya huwag mo Akong tanungin ng bagay na hindi ka nagtaglay hinggil doon ng kaalaman. Tunay na Ako ay nangangaral sa iyo nang hindi ka maging kabilang sa mga mangmang."**

**Nagsabi siya: "O Panginoon ko, tunay ako po ay nagpapakupkop sa Iyo nang di ako magtanong sa iyo ng bagay na hindi ako nagtaglay hinggil doon ng kaalaman. Kung hindi Ka po magpapatawad sa akin at maaawa sa akin, ako ay magiging kabibilang sa mga talunan. Sinabi: "O Noe, bumaba ka nang may kapayapaan mula sa Amin at mga biyaya sa iyo at sa mga kalipunan mula sa kasama mo. May mga kalipunang pagigin-hawahin *muna* Namin at pagkatapos ay dadatnan sila mula sa Amin ng isang masakit na pagdurusa."**(11:38-48).

## Ang Sugong si Húd (AS)

Pagkatapos ng isang yugto ng panahon, isinugo ni Allah sa lipi ng 'Ád na nasa rehiyong tinatawag na A<u>h</u>qáf, matapos na naligaw sila at sumamba sila sa iba pa kay Allah. Nagsugo sa kanila ng isang sugo na kabilang rin sa kanila, si Húd (AS). "***Isinugo sa lipi ng* 'Ád ang kapatid nila na si Húd. Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah, wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya; kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?" Nagsabi ang mga pinuno na tumangging sumampalataya na kabilang sa mga kalipi niya: "Tunay na kami ay talagang nagtuturing sa iyo na nasa isang kaululan, at tunay na kami ay nagpapalagay sa iyo na kabilang sa mga nagsisinungaling." Nagsabi Siya: "O mga kalipi ko, walang kaululan sa akin, datapuwat ako ay isang sugo mula sa Panginoon ng mga nilalang. Ipinararating ko sa inyo ang mga pasugo ng Panginoon ko, at ako para sa inyo ay isang mapagkakatiwalaang tagapayo. Nagtataka ba kayo na may dumating sa inyo na isang paalaala mula sa Panginoon ninyo dala ng isang lalaking kabilang sa inyo upang magbabala sa inyo? Alalahanin ninyo noong ginawa**

**Niya kayo na mga kahalili noong wala na ang mga kalipi ni Noe at dinagdagan Niya kayo sa pangangatawan ninyo ng laki. Kaya alalahanin ninyo ang mga pagpapala ng Panginoon ninyo nang harinawa kayo ay magtata-gumpay. Nagsabi sila: "Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah lamang at iwan namin ang sinasamba noon ng mga ninuno namin? Kaya dalhin mo nga sa amin ang ipinana-nakot mo sa amin kung ikaw ay kabilang mga nagtatapat." Nagsabi siya: "May bumagsak na nga sa inyo mula sa Panginoon ninyo na isang pasakit at isang galit. Nakikipagtalo ba kayo sa akin hinggil sa mga pangalan na ipinangalan ninyo ang mga ito at ng mga ninuno ninyo. Hindi nagpababa si Allah sa mga ito ng anumang patunay. Kaya maghintay kayo, tunay na ako ay kasama ninyo na kabilang sa mga naghihintay." Kaya iniligtas Namin siya at ang mga kasama niya sa pamamagitan ng isang awa mula sa Amin, at nilipol Namin ang kahuli-hulihan sa mga nagpasinungaling sa mga Tanda Namin. Hindi sila mga mananampalataya."**(7:65-72).

Kaya pinadalhan sila ni Allah ng isang humahagunot na malamig na hangin sa loob ng walong araw, na nagwasak sa bawat bagay doon ayon sa utos ni Allah. Iniligtas ni Allah si Húd at ang mga sumampalataya kasama niya.

## Ang Sugong si Sálih (AS)

Pagkatapos ay may lumipas naman na isang yugto ng panahon. Lumitaw ang lipi ng Thamúd sa hilaga ng peninsula ng Arabia. Naligaw sila sa patnubay kung papaanong naligaw ang mga nauna sa kanila, kaya nagsugo si Allah sa kanila ng isang sugo na kabilang din sa kanila. Siya ay si Sálih (AS). Inalalayan siya ni Allah sa pamamagitan ng isang tanda na

nagpapatunay sa pagkatotoo niya. Ito ay isang pambihirang dumalagang kamelyo na walang kapara sa mga nilalang. Ipinabatid ni Allah sa atin ang kasaysayan niya. Sinabi ni Allah:

“***Isinugo sa lipi ng* Thamúd ang kapatid nila na si Sálih. Nagsabi siya: “O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah, wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya; may dumating na sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Itong dumalagang kamelyo ni Allah para sa inyo ay isang tanda, kaya hayaan ninyo ito na manginain sa lupain ni Allah. Huwag ninyo itong salingin ng masama, dahil dadaklutin kayo ng isang masakit na pagdurusa. Alalahanin ninyo noong ginawa Niya kayo na mga kahalili noong wala na ang *lipi ng* ‘ۦd at pinatira Niya kayo sa lupain: gumagawa kayo ng mga palasyo sa mga kapatagan nito at nililok ninyo ang mga bundok bilang mga bahay. Kaya alalahanin ninyo ang mga pagpapala ng Panginoon ninyo at huwag kayong manampalasan sa lupa na mga gumagawa ng katiwalian. Nagsabi ang mga pinuno na nagmalaki na kabilang sa mga kalipi niya sa mga minamahina—sa mga sumampalataya mula sa mga ito: “Nalalaman ba ninyo na si Sálih ay isang isinugo mula sa Panginoon niya?” Nagsabi ang mga ito: “Tunay na kami sa ipinasugo sa kanya ay mga sumasampalataya.” Nagsabi ang mga nagmalaki: “Tunay na kami sa sinampalatayanan ninyo ay mga tumatangging sumampalataya.” Kaya kinatay nila ang dumalagang kamelyo at sinuway nila ang utos ng Panginoon nila, at nagsabi sila: “O Sálih, dalhin mo nga sa amin ang ibinabanta mo sa amin, kung ikaw ay kabilang sa mga isinugo.” Kaya dinaklot sila ng lindol, at sila sa mga tahanan nila ay naging mga nakaluhod na patay. Kaya tumalikod siya sa kanila at nagsabi: “O aking mga kalipi, talaga**

**ngang ipinarating ko na sa inyo ang pasugo ng Panginoon ko at pinayuhan ko na kayo, subalit hindi ninyo naiibigan ang mga nagpapayo.””**(7:73-79).

## Ang Sugong si Abraham (AS)

Pagkatpos niyon ay ipinadala ni Allah si Abraham sa kanyang mga kababayan matapos na sila ay mangaligaw at sumamba sa mga tala at mga diyus-diyusan. Sinabi ni Allah: **“Talaga ngang nagbigay Kami kay Abraham ng gabay sa kanya noon pa, at Kami sa kanya ay nakakikilala. *Banggitin* noong magsabi siya sa ama niya at mga kalipi niya: “Ano ang mga estatwa na ito na kayo sa mga ito ay mga nahuhumaling?” Nagsabi sila: “Nasumpungan namin ang mga ninuno namin na sa mga ito ay mga sumasamba.” Nagsabi siya: “Talaga ngang kayo at ang mga ninuno ninyo ay nasa isang malinaw na pagkaligaw.” Nagsabi sila: “Nagdala ka ba sa amin ng katotohanan o ikaw ay kabilang sa mga naglalaro.” Nagsabi siya: “Bagkus ang Panginoon ninyo ay ang Panginoon ng mga langit at lupa, na lumalang sa mga ito, at ako hinggil doon ay kabilang sa mga sumasaksi. Sumpa man kay Allah, talagang magpapakana nga ako laban sa mga diyus-diyusan ninyo matapos tumalikod kayo na mga nagsisilisan.” Kaya ginawa niya ang mga ito na pira-piraso maliban sa malaki sa mga ito, nang harinawa sila dito ay magbabalik. Nagsabi sila: “Sino ang gumawa nito sa mga diyos natin? Tunay na siya ay kabilang sa mga lumalabag sa katarungan.” Nagsabi sila: “Nakarinig kami ng isang binatang may binabanggit laban sa mga ito, na tinatawag siyang Abraham.” Nagsabi sila: “Kaya dalhin ninyo siya sa harap ng mga mata ng mga tao nang harinawa sila ay sasaksi.” Nagsabi sila: “Ikaw ba ang gumawa nito sa**

**mga diyos namin, o Abraham." Nagsabi siya: "Bagkus ginawa iyan nitong malaki sa mga ito; tanungin ninyo ang mga ito kung ang mga ito ay makapagsasalita. Kaya bumalik sila sa mga sarili nila at nagsabi sila: "Tunay na kayo, kayo ay ang mga lumalabag sa katarungan." Pagkatapos ay nanumbalik sila sa *katigasan ng* mga ulo nila *at nagsabi*: "Talaga ngang nalalaman mo na na ang mga ito ay hindi nakapagsasalita." Nagsabi siya: "Kaya sumasamba ba kayo bukod pa kay Allah sa hindi nakapagdudulot sa inyo ng anumang pakinabang at hindi nakapagdudulot sa inyo ng pinsala? Sa aba sa inyo at sa anumang sinasamba ninyo bukod kay Allah, at hindi ba kayo nakauunawa?" Nagsabi sila: "Sunugin ninyo siya at tulungan ninyo ang mga diyos ninyo kung kayo ay mga magsisikilos." Nagsabi Kami: "O apoy, maging kalamigan at kaligtasan para kay Abraham." Nagnais sila sa kanya ng isang pakanan ngunit ginawa Naming sila ang mga talunan."**(21:51-70).

Pagkatapos [nang maraming taon] ay nandayuhan si Abraham (AS) at ang anak niya na si Ismael mula sa Palestina sa Makkah. Nag-utos si Allah sa kanya at sa anak niya na si Ismael na itayo ang pinarangalang Ka'bah. Inanyayahan niya ang mga tao na dumalaw roon at sumamba kay Allah doon. **"Inatasan Namin sina Abraham at Ismael na linisin nila ang Bahay Ko para sa mga lumilibot, mga nananatili at mga yumuyukod na nagpapatirapa."**(2:125).

## Ang Sugong si Lot (AS)

Pagkatapos niyon ay isinugo naman ni Allah si Lot (AS) sa mga kababayan niya. Sila ay mga masasamang tao na sumasamba sa iba pa kay Allah at gumagawa ng kahalayan sa isa't-isa. Nagsabi si Allah: **"*Banggitin* si Lot noong nagsabi**

**siya sa mga kababayan niya: "Gumagawa ba kayo ng kahalayan na hindi kayo naunahan doon ng isa man sa mga nilalang? Tunay na kayo ay talagang nagsasagawa sa mga lalaki ng udyok ng laman sa halip na sa mga babae. Bagkus kayo ay mga taong nagmamalabis. Walang naging sagot ang mga kababayan niya kundi na nagsabi sila: "Palabasin ninyo sila sa bayan ninyo; tunay na sila ay mga taong nagpapakalinis.""**(7:80-82).

Siya at ang mag-anak niya, maliban sa maybahay niya na isa sa mga tumatangging sumampalataya, ay iniligtas ni Allah. Inutusan siya ni Allah na lumabas sa lungsod sa gabi kasama ng mag-anak niya. Noong dumating na ang itinakda ni Allah, ang mataas doon ay ginawa Niyang mababa at nagpaulan Siya roon ng kumpol-kumpol ng mga batong natuyong putik.

## Ang Sugong si Shu'ayb (AS)

Pagkatapos ay ipinadala ni Allah sa mga mamamayan ng Madyan ang kapatid nila na si Shu'ayb matapos na naligaw sila sa patnubay at lumaganap sa kanila ang mga masamang asal, ang pangangaway sa mga tao, at ang pandaraya sa takalan at timbangan. Nagpabatid sa atin si Allah ng hinggil sa kanila:

***"Isinugo sa*** **Madyan ang kapatid nila na si Shu'ayb. Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating na sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo, kaya lubusin ninyo ang takal at ang timbang, huwag ninyong dayain ang mga tao sa mga bagay nila at huwag kayong gumawa ng katiwalian sa lupain matapos ang pagsasaayos nito. Iyan ay mainam sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya. Huwag kayong maupo sa bawat landasin, na nagpabanta at bumabalakid sa landas**

**ni Allah sa sinumang sumampalataya sa Kanya, at naghahangad na ito ay maging baluktot. Alalahanin ninyo, noong kayo noon ay kakaunti ay pinarami Niya kayo. Tingnan ninyo kung paano ang naging kinahinatnan ng mga gumagawa ng katiwalian. Kung may pangkat mula sa inyo na sumampalataya sa ipinasugo sa akin at may pangkat na hindi sumampalataya ay magtiis-tiis kayo hanggang sa humatol si Allah sa pagitan natin yamang Siya ay ang pinakamainam sa mga humahatol." Nagsabi ang mga pinuno na nagmalaki, na kabilang sa mga kalipi niya: "Talagang palalabasin ka nga Namin Shu'ayb at ang mga sumampalataya kasama mo sa bayan natin maliban kung talagang babalik nga kayo sa paniniwala natin." Nagsabi siya: "Kahit na ba kami ay nasusuklam?" Nakagawa na kami laban kay Allah ng isang kasinungalingan kung bumalik kami sa paniniwala ninyo matapos na iniligtas kami ni Allah mula roon. Hindi mangyayari sa amin na babalik kami roon maliban na loloobin ni Allah, ang Panginoon Namin. Nasaklawan ng Panginoon Namin ang bawat bagay sa kaalaman. Kay Allah kami umaasa. O Panginoon namin, humusga Ka po sa pagitan namin at ng mga kalipi namin ayon sa katotohanan, yayamang Ikaw ay ang pinakamainam sa mga humuhusga." Nagsabi ang mga pinuno na nagmalaki, na kabilang sa mga kalipi niya: "Talagang kung sumunod kayo kay Shu'ayb, tunay na kayo kung gayon ay talagang mga talunan." Kaya dinaklot sila ng lindol, at sila sa mga tahanan nila ay naging mga nakaluhod na patay. Ang mga nagpasinungaling kay Shu'ayb ay naging animo'y hindi sa mga *tahanang* iyon. Ang mga nagpasinungaling kay Shu'ayb, sila ay ang naging mga talunan. Kaya tumalikod siya sa kanila at nagsabi: "O aking mga kalipi, talaga ngang ipinarating ko na sa inyo ang mga**

**pasugo ng Panginoon ko at pinayuhan ko na kayo, kaya papaano akong magdada-lamhati sa mga taong tumangging sumampalataya?””**(7:85-93).

Nagsugo si Allah, pagkatapos niyon, ng maraming sugo sa mga kalipunan sa mundo. Walang kalipunan noon na hindi pinuntahan ng isang tagapagbabala. Ipinabatid sa atin ni Allah ang ilan sa kanila at hindi Niya ipinabatid sa atin ang marami sa kanila. Lahat sila ay isinugo na may isang mensahe at iyon ay ang pag-uutos sa mga tao na sumamba kay Allah lamang nang walang katambal sa kanya at na iwaksi ang pagsamba sa iba pa kay Allah. Nagsabi si Allah:

**“Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo *na nagsasabi*: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyusan.” Kaya mayroon sa kanila na pinatnubayan ni Allah at mayroon sa kanila na naging karapat-dapat ang pagkaligaw. Kaya maglakbay kayo sa Lupa at tingnan ninyo kung papaano ang naging kinahinatnan ng mga nagpapasinu-ngaling.”**(16:36).

## Ang Sugong si Moises (AS)

Pakatapos niyon ay may lumitaw sa Egipto na isang maniniil at mapagmalaking hari na tinatawag na Paraon. Nag-aangkin siya ng pagkadiyos, nag-uutos sa mga tao na sambahin nila siya, ipinapapatay niya ang sinumang ninanais Niya sa kanila at ginagawan niya ng kawalang-katarungan ang sinumang ninanais niya. Kaya nagpabatid sa atin si Allah ng tungkol sa kanya:

**Tunay na si Paraon ay nagmataas sa lupain. Ginawa niya ang mga mamayan nito na mga pangkatin, na nagpapahina sa isang pangkat sa kanila: kumikitil sa mga anak na lalaki ng mga ito at nagpapabuhay sa mga kababaihan ng mga ito. Tunay na siya ay kabilang sa mga**

gumagawa ng katiwalian. Ninanais Namin na magmabuting-loob Kami sa mga pinahina sa lupain, na gawin Namin sila na mga pinuno, na gawin Namin sila na mga tagapagmana, na patatagin Namin sila sa lupain at na ipakita Namin kay Paraon at kay Hámán at sa mga hukbo ng dalawang ito ang kinatatakutan ng mga ito mula sa kanila.

Nagkasi Kami sa ina ni Moises: "Pasusuhin mo siya, ngunit kapag nangamba ka para sa kanya ay itapon mo siya sa ilog at huwag kang mangamba at huwag kang malungkot. Tunay na Kami ay magpapanumbalik sa kanya sa iyo at gagawa sa kanya na kabilang sa mga isinugo. Kaya napulot siya ng mag-anak ni Paraon upang maging isang kaaway para sa kanila at isang *dahilan ng* kalungkutan. Tunay na sina Paraon at Hámán at ang mga hukbo ng dalawang ito ay mga nagkakasala. Nagsabi ang maybahay ni Paraon: "Isang lugod ng mata para sa akin at para sa iyo. Huwag ninyo siyang patayin. Marahil makabubuti siya sa atin, o maituturing natin siya bilang isang anak." Sila ay hindi nakararamdam *sa kahihinatnan*.

Ang puso ng ina ni Moises ay naging walang nilalaman *kundi siya*. Muntik na nitong ibunyag *na anak nito* siya, kung hindi Kami nagpatatag sa puso nito upang ito ay maging kabilang sa mga sumasampalataya. Nagsabi ito sa kapatid na babae niya: "Sundan mo siya." Kaya nakita niyon siya mula sa malayo habang sila ay hindi nakararamdam. Ipinagbawal na Namin sa kanya ang *ibang* mga tagapagpasuso noon pa. Kaya nagsabi iyon: "Gagabayan ko po ba kayo sa isang mag-anak na kaka-linga sa kanya para sa inyo, at sila sa kanya ay mga tapat na tagapag-aruga?" Kaya ibinalik Namin siya sa ina niya

upang malugod ang mata nito at hindi malungkot, at upang malaman nito na ang pangako ni Allah ay totoo, subalit ang higit na marami sa kanila ay hindi nakaaalam.

Noong sumapit na siya sa kalakasan niya at nalubos na siya *sa pagkabinata*, binigyan Namin siya ng karunungan at kaalaman. Ganyan Namin ginagantimpalaan ang mga nagpapakabuti.

Pumasok siya sa lungsod sa sandali ng pagkalingat ng mga naninirahan dito, at nakatagpo siya rito ng dalawang lalaking nag-aaway. Itong *una* ay kabilang sa kakampi niya at itong *ikalawa* ay kabilang sa kaaway niya. Nagpasaklolo sa kanya ang kabilang sa kakampi niya laban sa kabilang sa kaaway niya. Kaya sinuntok ito ni Moises kaya napaslang niya ito. Nagsabi siya: "Ito ay kabilang sa gawa ni Satanas; tunay na siya ay isang nanliligaw na maliwanag na kaaway." Nagsabi siya: "Panginoon ko, tunay na ako po ay lumabag sa katarungan sa sarili ko kaya patawarin Mo po ako." Kaya pinatawad Niya siya. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain. Nagsabi siya: "Panginoon ko, dahil sa ibiniyaya Mo sa akin ay hindi ako magiging isang tagatulong sa mga sumasalansang."

Kaya sa lunsod siya ay naging kinakabahang nag-aantabay, at walang anu-ano ang nagpatulong sa kanya kahapon ay nag-papasaklolo na naman sa kanya. Nagsabi sa kanya si Moises: "Tunay na Ikaw ay talagang maliwanag na nalilihis." Kaya noong ninais na niyang sumunggab sa isang kaaway nilang dalawa, nagsabi ito: "O Moises, ninanais mo ba na patayin ako gaya ng pinatay mo na isang tao kahapon? Wala kang ninanais kundi maging isang mapang-api sa lupain at hindi mo ninanais na maging kabilang sa mga nagtutuwid." May dumating na isang

**lalaki mula sa malayong sulok ng lungsod, na tumatakbo. Nagsabi ito: "O Moises, ang mga pinuno ay nagsasanggunian hinggil sa iyo upang patayin ka nila kaya lumisan ka na. Tunay na ako, sa iyo, ay kabilang sa mga tapat nagpapayo.**

**Kaya lumisan siya roon na kinakabahang nag-aantabay. Nagsabi siya: "Panginoon ko, iligtas Mo po ako sa mga taong lumalabag sa katarungan." Noong nakadako siya patungong Madyan, nagsabi siya: "Sana ang Panginoon ko ay magpatnubay sa akin sa tamang daan."**

**Noong nakarating siya sa tubigan ng Madyan, nakasumpong siya roon ng isang pulutong ng mga tao na nagpapainom *ng kawan nila*, at nakasumpong din siya bukod pa sa kanila ng dalawang babaeng pumipigil *sa kawan*. Nagsabi siya: "Ano ang nangyayari sa inyo?" Nagsabi ang dalawang ito: "Hindi namin mapaiinom *ang kawan* hangga't hindi aalisin ng mga pastol *ang kawan nila*. Ang ama namin ay lubhang matanda na." Pinainom niya ang kawan ng dalawa. Pagkatapos ay tumalikod siya patungo sa lilim, at nagsabi: "Panginoon ko, tunay na ako sa ibaba Mo na anumang biyaya ay nangangailangan."**

**Pagkatapos ay pinuntahan siya ng isa sa dalawang babae, na naglalakad na nahihiya. Nagsabi ito: "Tunay na ang ama ko ay nag-aanyaya sa iyo upang gantihan ka ng gantimpala sa pagpapainom mo *sa kawan namin* para sa amin."**

**Kaya noong nakapunta na siya rito at naisalaysay rito ang mga kasaysayan *niya*, nagsabi ito: "Huwag kang mangamba, nakaligtas ka na sa mga taong lumalabag sa katarungan." Nagsabi ang isa sa dalawang babae: "O Ama ko, upahan mo po siya; tunay na ang mainam na upahan mo ay**

**ang malakas na mapagkaka-tiwalaan." Nagsabi ito: "Ninanais kung ipakasal sa iyo ang isa sa dalawang anak ko na ito kung maglilingkod ka sa akin sa loob ng walong taon; ngunit kung lulubusin mo sa sampung *taon* ay nasa sa iyo na. Hindi ko ninanais na magpabigat sa iyo. Masusumpungan mo ako, kung niloob ni Allah, na kabilang sa mga matutuwid." Nagsabi siya: "Iyan sa pagitan ko at sa pagitan mo. Alin man sa dalawang taning na matatapos ko ay walang paglabag sa akin. Si Allah ay pinananaligan sa anumang sinasabi natin.**

**Kaya noong natapos na ni Moises ang taning at naglalakbay na siya dala ang mag-anak niya, nakatanaw siya sa dakong bundok ng isang apoy. Nagsabi siya sa mag-anak niya: "Mag-hintay kayo, tunay na ako ay nakatanaw ng isang apoy. Hari-nawa ako ay makapagdadala sa inyo mula roon ng isang balita o isang baga mula sa apoy nang harinawa kayo ay makapagpapainit.**

**Kaya noong narating na niya iyon, tinawag siya mula sa kanang pangpang ng lambak, sa pook na pinagpala, mula sa punong-kahoy: "O Moises, tunay na Ako, Ako si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Itapon mo ang tungkod mo." At noong nakita niya ito na gumagalaw ito na para bang isang ahas, umalis siya na tumatalikod at hindi lumingon. *Sinabi*: "O Moises, lumapit ka at huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay kabilang sa mga matitiwasay. Ipasok mo ang kamay mo sa eskotadura mo, lalabas itong maputi na walang sakit; idikit mo ang kamay mo sa dibdib mo upang maalis ang sindak. Kaya ang dalawang ito ay dalawang patunay mula sa Panginoon mo para kay Paraon at sa mga pinuno nito. Tunay na sila ay mga taong suwail."**

**Nagsabi siya: "Panginoon ko, nakapatay po ako mula sa kanila ng isang tao kaya nangangamba po ako na papatayin nila ako. Ang kapatid ko po na si Aaron ay higit na matatas kaysa sa akin sa pananalita, kaya isugo Mo po siya kasama ko bilang alalay na magpapatotoo sa akin. Tunay na ako ay nangangamba na pasinungalingan nila ako." Nagsabi si Allah: "Palalakasin Namin ang bisig mo sa pama-magitan ng kapatid mo na si Aaron at lalagyan Namin kayong dalawa ng kapangyarihan kaya hindi nila masasaktan kayong dalawa. Sa pamamagitan ng mga Tanda Namin, kayong dalawa at ang sinumang susunod sa inyo ay ang mga mananaig."**(28:4-35).

Pumunta sina Moises at Aaron sa Paraon—ang mapagmalaking hari. Inanyayahan nila siya sa pagsamba kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang:

**Nagsabi ang Paraon: "At ano ang Panginoon ng mga nilalang?"**

**Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng mga Langit at Lupa at ng anumang nasa pagitan ng mga ito, kung kayo ay nakatitiyakan."**

**Nagsabi ito sa mga nakapaligid dito: "Hindi ba kayo nakikinig?"**

**Nagsabi siya: "Ang Panginoon ninyo at ng mga sinaunang ninuno ninyo."**

**Nagsabi ito: "Tunay na ang sugo ninyo na isinugo sa inyo ay talagang baliw."**

**Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng silangan at kanluran at anumang nasa pagitan ng dalawang ito, kung kayo ay nakauunawa."**

**Nagsabi ito: "Talagang kung gagawa ka ng isang diyos na iba pa sa akin, talaga ngang akin kang gagawing kabilang sa mga ibinilanggo."**

**Nagsabi siya: "Kahit na ba nagdala ako sa iyo ng isang malinaw na bagay?"**

**Nagsabi ito: "Kaya ilahad mo ito kung ikaw ay kabilang sa mga nagpapakatotoo."**

**Kaya itinapon niya ang tungkod niya at walang anu-ano ito ay naging malinaw na lalaking ahas. Hinugot niya ang kamay niya at ito ay maputi para sa mga tumitingin.**

**Nagsabi ito sa mga pinuno sa paligid nito: "Tunay na ito ay talagang maalam na manggagaway. Ninanais niya na palabasin kayo mula sa lupain ninyo sa pamamagitan ng panggagaway niya; kaya ano ang ipag-uutos ninyo?"**

**Nagsabi sila: "Antalain mo muna siya at ang kapatid niya at magsugo ka sa mga lungsod ng mga tagakalap, magdadala sila ng bawat maalam na manggaway."**

**Kaya tinipon ang mga manggagaway para sa itinalagang sandali ng isang itinakdang araw.**

**Sinabi sa mga tao: "Kayo ba ay magtitipon na? Nang harinawa tayo ay susunod sa mga manggagaway kung sila ay ang mga mananaig."**

**Kaya noong dumating na ang mga manggagaway, nagsabi sila sa Paraon: "Tunay ba na mayroon kami talagang gantimpala kung kami mismo ang mga mananaig."**

**Nagsabi ito: "Oo, at tunay na kayo ay kapag nagkagayon ay talagang mapabibilang sa mga pinalapit *sa akin*."**

**Nagsabi sa kanila si Moises: "Itapon na ninyo ang inyong itatapon."**

**Kaya itinapon nila ang mga tali nila at ang mga tungkod nila at nagsabi sila: "Sumpa man sa kapangyarihan ni Paraon, tunay na kami, talagang kami ay ang mga mananaig."**

**Kaya itinapon ni Moises ang tungkod niya at walang anu-ano ito ay mabilis na lumulon sa ikinukunwari nila. Kaya napahandusay ang mga manggagaway na mga nakapatirapa.**

**Nagsabi sila: "Sumampalataya kami sa Panginoon ng mga nilalang, ang Panginoon nina Moises at Aaron."**

**Nagsabi ito: "Sumampalataya kayo sa kanya bago ako nagpahintulot sa inyo; tunay na siya ay talagang ang pasimuno ninyo na nagturo sa inyo ng panggagaway, kaya talagang malalaman ninyo. Talagang pagpuputul-putulin ko nga ang mga kamay ninyo at ang mga paa ninyo nang magkabilaan at talagang ibibitin ko nga kayong lahat."**

**Nagsabi sila: "Walang kapinsalaan; tunay na kami ay sa Panginoon namin magsisiuwi. Tunay na Kami ay nagnanasa na magpapatawad sa amin ang Panginoon namin sa mga pagkakamali namin yayamang kami ay naging una sa mga mananampalataya."**

**Nagkasi Kami kay Moises: "Maglakbay ka sa gabi dala ang mga lingkod Ko; tunay na kayo ay mga susundan."**

**Nagsugo ang Paraon sa mga lungsod ng mga tagakalap, *at nagsabi*: "Tunay na ang mga ito ay talagang kakaunting pulutong. Tunay na sila sa atin ay talagang mga nanggagalit. Tunay na tayo ay pawang mga nakahanda."**

**Kaya pinalabas Namin sila mula sa mga hardin at mga bukal, at sa mga kayamanan at *bawat* maringal na tirahan. Gayon nga, at ipinamana Namin ang mga ito sa mga anak ni Israel.**

**Kaya sinundan nila ang mga ito nang sumisikat na *ang araw*. Kaya noong magkakitaan na ang dalawang pangkat, nagsabi ang mga kasamahan ni Moises: "Tunay na tayo ay mga maaabutan."**

**Nagsabi si Moises: "Hindi, tunay na kasama ko ang Panginoon ko; papatnubayan Niya ako."**

**Nagkasi Kami kay Moises: "Pukpukin mo ng tungkod mo ang dagat." Kaya nabiyak ito at ang bawat bahaging nahiwalay ay naging parang malaking bundok.**

**Pinalapit Namin doon ang mga iba pa. Iniligtas Namin si Moises at ang lahat ng sinumang kasama niya. Pagkatapos ay nilunod Namin ang mga iba pa. Tunay na sa *pangyayaring* iyon ay talagang may Tanda, ngunit ang higit na marami sa kanila ay hindi mga mananampalataya.**(26:23-67).

Noong nabingit na si Paraon sa pagkalunod ay nagsabi siya: "Sumampalataya ako na walang Diyos kundi ang Diyos na sinampa-latayanan ng mga anak ni Israel." Nagsabi naman si Allah: **"Ngayon pa samantalang sumuway ka noon, at ikaw noon ay kabilang sa mga gumagawa ng katiwalian? Kaya sa araw na ito, ililigtas ka Namin sa katawan mo upang ikaw para sa sinumang darating kapag wala ka na ay maging isang Tanda! Tunay na marami sa mga tao ay talagang mga nalilingat sa mga Tanda Namin."** (10:91:92).

Ipinamana ni Allah sa mga kalipi ni Moises na sinisiil dati ang silangan at kanlurang bahagi ng lupain na pinagpala Niya. Winasak Niya ang mga ginawa at pinatayo ni Paraon at ng mga kalipi nito.

Ibinaba ni Allah, pagkatapos niyon, kay Moises ang Torah na naglalaman ng patnubay sa mga tao at liwanag na gumagabay sa kanila sa naiibigan ni Allah at kinalulugdan Niya. Naglalaman din ito ng paglilinaw sa ipinahihintulot at ipinagbabawal na kinakailangan sa mga anak ni Israel, na mga kalipi ni Moises, at mga tagasunod niya.

Pagkatapos niyon ay yumao si Moises (AS). Nagpadala si Allah noong wala na siya ng maraming propeta sa mga kalipi

niya, ang mga anak ni Israel, na nagtuturo sa kanila ng tamang daan. Tuwing namamatay ang isang propeta, hinahalilinan ito ng isa pang propeta.

Isinalaysay ni Allah sa atin ang ilan sa kanila tulad nina David, Solomon, Job at Zacarias ngunit hindi Niya isinalaysay sa atin ang marami sa kanila. Pagkatapos ay winakasan na ang pagpapadala ng mga propeta na ito *sa kanila* noong isinugo si Jesus na anak ni Maria (AS), na ang buhay nito ay puno ng mga himala magmula sa pagkasilang sa kanya hanggang sa pag-angat sa kanya sa langit.

Pagkalipas ng maraming salinlahi, dumanas ang Torah na ibinaba ni Allah kay Moises ng pagbabago at pagpapalit ng kahulugan sa mga kamay ng mga Hudyo na nag-aangking sila ay mga tagasunod ni Moises (AS). Si Moises ay walang kinalaman sa kanila. Ang Torah na nasa mga kamay nila ay hindi na ang Torah na ibinaba buhat kay Allah sapagkat ipinasok nila rito ang mga bagay na hindi nararapat magmula kay Allah at inilarawan nila rito si Allah sa pamamagitan ng mga katangian ng kakulangan, kamangmangan at kahinaan. Lubhang napakataas ni Allah sa mga pinagsasabi nila. Nagsabi si Allah sa paglalarawan sa kanila: **"Kaya kapighatian sa mga sumulat ng Kasulatan sa pamamagitan ng mga kamay nila, pagkatapos ay nagsasabi sila: "Ito ay buhat kay Allah," upang maipagpalit nila ito sa isang kakaunting halaga. Kaya kapighatian sa kanila dahil sa sinulat ng mga kamay nila at kapighatian sa kanila dahil sa kinita nila."**(2:79).

## Ang Sugong si Jesus (AS)

Ang busilak na Birheng Maria na anak ni Imran ay isa sa mga mananamba at mga masunurin sa mga kautusan ni Allah na ibinaba sa mga propeta noong wala na si Moises. Siya ay mula sa isang mag-anak na pinili ni Allah sa mga nilalang, gaya ng sinabi Niya: **"Tunay na hinirang ni Allah si Adan, si Noe, ang mag-anak ni Abraham at ang mag-anak ni 'Imrán higit sa *ibang* mga nilalang,"**(3:33). Inihatid sa kanya ng mga anghel ang magandang balita ng pagpili sa kanya ni Allah: **"*Banggitin* noong nagsabi ang mga anghel kay Maria: "O Maria, tunay na si Allah ay humirang sa iyo, nagda-lisay sa iyo, at humirang sa iyo higit sa *ibang* mga babae sa mga nilalang. O Maria, sumunod ka sa Panginoon mo, magpatirapa ka, at yumukod ka kasama ng mga yumuyukod."**(3:42-43).

Pagkatapos ay ipinabatid ni Allah kung paano Niyang nilikha si Jesus sa sinapunan ni Maria nang walang ama. Sinabi Niya:

**Banggitin mo sa Aklat si Maria noong nagpakalayo siya sa isang silanganing pook. Naglagay siya ng isang tabing na harang sa kanila. Ipinadala Namin sa kanya ang *Anghel na* Espiritu Namin na nag-anyo sa harap niya bilang isang lubos na tao.**

**Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nagpapakupkop sa *Kanya na* Madamayin laban sa iyo, *lumayo ka* kung ikaw ay isang nangingilag sa pagkakasala."**

**Nagsabi ito: "Tunay na ako ay sugo lamang ng Panginoon mo, upang ibalita ang pagkakaloob sa iyo ng isang anak na lalaki na dalisay."**

**Nagsabi siya: "Papaanong magkakaroon ako ng isang anak na lalaki samantalang hindi ako nasaling ng isang lalaki at ako ay hindi rin isang nangangalunya?"**

**Nagsabi ito: “Gayon nga. Nagsabi ang Panginoon mo: ‘Ito ay madali sa Akin, at upang gawin Namin siya na isang Tanda para sa mga tao at isang awa mula sa Amin. Ito ay isang bagay na naitakda nang mangyari.’”**

**Kaya ipinagbuntis niya ito, nagpakalayo siya kasama nito sa isang liblib na pook. At dinala siya ng sakit ng panganganak sa katawan ng *punong* datiles. Nagsabi siya: “O sana ako ay namatay bago *nangyari* ito at naging isang kinalimutan na nilimot.”**

**At may tumawag sa kanya mula sa ilalim niya, *na nagsabi*: “Huwag kang malungkot; naglagay na ang Panginoon mo sa ilalim mo ng isang batis. Yugyugin mo patungo sa iyo ang katawan ng *punong* datiles, may maglalaglagan sa iyo na mga sariwang hinog na datiles. Kaya kumain ka, uminom ka, at magalak ka. At kapag nakakita ka ng isa man sa mga tao ay sabihin mo: ‘Tunay na Ako ay namanata sa Madamayin ng isang pag-aayuno kaya hindi ako makikipag-usap ngayon sa isang tao.’”**

**Pagkatapos ay dumating siya dala ito sa mga kalipi niya, na sinasakbibi ito. Nagsabi sila: “O Maria, talaga namang nagdala ka ng isang bagay na kasuklam-suklam. O kapatid ni Aaron, ang ama mo ay hindi isang lalaking masama at ang ina mo ay hindi isang nangangalunya.”**

**Kaya itinuro niya ito. Nagsabi sila: “Papano naming kaka-usapin ang nasa duyan pa na isang bata?”**

**Nagsabi ito: “Tunay na ako ay lingkod ni Allah; binigyan Niya ako ng Kasulatan at ginawa Niya ako na isang propeta. Ginawa Niya ako na isang pinagpala saan man ako naroon, itinagubilin Niya sa akin ang pagdarasal at ang pagkakawang-gawa hanggang nananatili akong buhay, *ginawang* isang mabuti sa ina ko, at hindi Niya ako**

**ginawang palalo, masuwayin. Ang kapayapaan ay sumaakin sa araw na ipinanganak ako, sa araw na mamamatay ako at sa araw na ibabangon akong buhay."**

**Iyan si Jesus na anak ni Maria.** ***Ito ay*** **salita ng katotohanan na hinggil dito ay nag-aalinlangan sila. Hindi nararapat kay Allah na magkaroon Siya ng isang anak; kaluwalhatian sa Kanya. Kapag nagpasya Siya ng isang bagay ay sasabihin Niya lamang na mangyari at mangyayari nga.**

*Nagsabi si Jesus*: **"Tunay na si Allah ay Panginoon ko at Panginoon ninyo kaya sambahin ninyo Siya; ito ay tuwid na landasin."**(19:16-36).

Noong inanyayahan ni Jesus (AS) ang mga tao sa pagsamba kay Allah ay may mga duminig sa kanya ngunit tinanggihan ng marami sa mga tao ang paanyaya. Nagpatuloy siya sa pag-aanyaya niya sa pagsamba kay Allah subalit ang marami sa kanila ay tumangging maniwala sa kanya at kinalaban pa siya. Bagkus ay nagsabwatan pa sila laban sa kanya at tinangka nilang patayin siya. Kaya nagsabi sa kanya si Allah: **"O Jesus, tunay na Ako ay kukuha sa iyo, mag-aangat sa iyo sa Akin, maglilinis sa iyo laban sa** ***mga paratang ng*** **mga tumangging sumampalataya,"**(3:55). Ang isa sa mga tumutugis sa kanya ay ginawa ni Allah na maging kamukha niya kaya ito ang hinuli nila. Inakala nilang ito si Jesus na anak ni Maria (AS). Pinatay nila ito at kanila itong ipinako sa krus. Samantala, ang sugong si Jesus na anak ni Maria (AS) ay iniangat ni Allah sa Kanya. Bago niya iniwan ang mundo ay ipinarating niya sa mga disipulo niya ang nakalulugod na balita na si Allah ay magpapadala ng isa pang sugo na ang pangalan ay Ahmad na ipalalaganap ni Allah sa pamamagitan nito ang tunay na relihiyon. Nagsabi si Allah: **"O mga anak ni Israel, tunay na**

**ako ay sugo ni Allah sa inyo na nagpa-patotoo sa nauna sa akin na Torah at nagpaparating ng nakalu-lugod na balita hinggil sa isang Sugo na darating kapag wala na ako, na ang pangalan niya ay Ahmad."**(61:6).

Pagkalipas ng ilang panahon, nagkahati-hati ang mga tagasunod ni Jesus. May lumabas sa kanila na isang sekta na nagpakalabis sa pagkilala sa kanya. Sinabi nila na si Jesus ay anak ng Diyos, lubhang napakataas ni Allah sa mga pinagsasabi nila. Naudyukan sila sa paniniwalang iyon dahil nalaman nilang si Jesus ay ipinanganak na walang ama. Ipinabatid ni Allah ang tungkol doon sa sabi Niya: **"Tunay na ang pagkakahalintulad kay Jesus para kay Allah ay gaya ng pagkakahalintulad kay Adan; nilikha Niya ito mula sa alabok, pagkatapos ay nagsabi Siya rito: "Mangyari," at nangyari."**(3:59).

Samakatuwid, ang pagkalikha kay Jesus (AS) nang walang ama ay hindi higit na kataka-taka kaysa sa pagkalikha kay Adan (AS) nang walang ama at ina. Dahil doon, si Allah ay nangungusap sa mga anak ni Israel sa Qur'an na layuan ang kawalang-pananampalataya na ito. Sinabi Niya: **"O mga May Aklat, huwag kayong magpalabis sa relihiyon ninyo at huwag kayong magsabi tungkol kay Allah kundi ang totoo. Ang Mesias na si Jesus na anak ni Maria ay sugo ni Allah lamang at salita Niya na inilagak Niya kay Maria, at isang espiritu na mula sa Kanya. Kaya sumampalataya kayo kay Allah at sa mga sugo Niya. Huwag ninyong sabihing Tatlo. Magsitigil kayo; mainam *iyan* para sa inyo. Si Allah ay nag-iisang Diyos lamang. Napakamaluwalhati Niya upang magkaroon Siya ng isang anak. Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Nakasapat na si Allah bilang Pinananaligan. Hindi aayawan ng Kristo na siya ay**

**maging isang lingkod ni Allah, ni ng mga anghel na minalapit *sa Kanya*. Ang mga umaayaw sa pagsamba sa Kanya at nagmamatigas nang may pagmamalaki ay titipunin Niya silang lahat sa Kanya. Samantala ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid ay ipagkakaloob Niya sa kanila ang mga kabayaran nila at dadagdagan pa Niya sila mula sa kagandahang-loob Niya. Samantala ang mga uma-yaw at nagmalaki ay parurusahan Niya sila ng isang masakit na padurusa. Hindi na sila makatatagpo para sa kanila, bukod pa kay Allah, ng isang tagatangkilik ni isang tagatulong.”**(4:171-173). Kakausapin ni Allah si Jesus (AS) sa Araw ng Pagkabuhay:

***Banggitin* kapag magsasabi si Allah: “O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: ‘Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang mga diyos bukod pa kay Allah?’ ” Magsasabi siya: “Kaluwalhatian sa Iyo; hindi para sa akin na sabihin ko ang wala akong karapatan. Kung ako po ay nagsabi niyon, talagang nalaman Mo na po sana iyon; nalalaman Mo po ang nasa sarili ko at hindi ko nalalaman ang nasa sarili Mo; tunay na Ikaw, Ikaw ang Napakamaalam sa mga Nakalingid. Wala po akong sinabi sa kanila kundi ang ipinag-utos Mo po sa akin: ‘Sambahin ninyo si Allah, ang Panginoon ko at ang Panginoon ninyo.’ Ako po noon sa kanila ay saksi habang nananatili ako sa piling nila, ngunit noong kinuha Mo na po ako, Ikaw na, Ikaw ay ang Tagapagmasid sa kanila; at Ikaw po ay Saksi sa bawat bagay. Kung pagdurusahin Mo po sila, tunay na sila po ay mga lingkod Mo; at kung patatawarin Mo po sila, tunay na Ikaw, Ikaw ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.” Sasabihin ni Allah: “Ito ay araw na pakikinabangan ng mga tapat ang katapatan nila.**

**Magkakamit sila ng mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog; magsisipanatili *sila* roon magpakailanman." Nalugod si Allah sa kanila at nalugod naman sila sa Kanya. Iyan ay ang dakilang tagumpay.**(5:116-119).

Dahil doon si Jesus na anak ni Maria (AS) ay walang kinalaman sa mga milyon-milyong ito na tinatawag ang sarili na Kristiyano at naniniwalang sila diumano ay mga tagasunod ni Kristo.

## Si Muhammad, ang Sugo ni Allah at ang Pangwakas sa mga Propeta at mga Sugo

Matapos ang pag-angat kay Jesus (AS), pagkalipas ng matagal na panahon—malapit sa limang siglo—ay lumala ang pagkalihis ng mga tao sa patnubay at lumaganap sa kanila ang kawalan ng wastong pananampalataya, ang pagkaligaw at ang pagsamba sa iba pa kay Allah. Kaya isinugo ni Allah si Muhammad (SAS) sa Makkah sa lupain ng Hijáz (kanlurang Arabia) dala ang patnubay at relihiyon ng katotohanan upang sambahin si Allah lamang nang walang katambal sa Kanya. Pinagkalooban siya ni Allah ng Kapahayagan at mga himala na nagpapatunay sa pagkapropeta niya at pagkasugo niya. Winakasan sa pamamagitan niya ang pagpapadala sa mga sugo. Ginawa ang relihiyon niya bilang pangwakas sa mga relihiyon. Pinangalagaan ni Allah ang relihiyon na ito laban sa pagpapalit at pagbabago hanggang sa wakas ng mundo at pagdating ng Huling Sandali.

Sino si Muhammad? Sino ang mga kababayan niya? Paano siyang isinugo ni Allah? Ano ang mga patunay sa pagkapropeta niya? Ano ang mga detalye ng buhay niya? Ito ang tatangkain

nating liwanagin, ayon sa kapahintulutan ni Allah, sa maikling mga pahina na ito.

## Ang Talaangkanan Niya

Siya si Muhammad, na anak ni Abudulláh na anak ni Abdul-muṯṯalib, na anak ni Háshim, na anak ni Abdu Manáf, na anak ni Qusayy, na anak ni Kiláb na mula sa liping Quraysh at ang Quraysh naman ay kabilang sa mga Arabe. Ipinanganak siya sa Makkah noong taong 571. Yumao ang ama niya samantalang siya ay sanggol pa lamang sa sinapupunan. Kaya lumaki siyang isang ulila sa ama sa ilalim ng pag-aaruga ng lolo niyang si ‘Abdulmuṯ ṯalib. Noong yumao ang lolo niya, inaruga naman siya ng tiyuhi niyang si Abu Tálib.

## Ang mga Katangian Niya

Nabanggit natin na ang sugo na pinili ni Allah ay kailangang nasa mataas na tugatog ng kataasan ng espiritu, katapatan sa pananalita, at kagandahan ng mga kaasalan. Gayon si Muhammad (SAS). Lumaki siyang matapat, mapagkakatiwalaan, maganda ang kaasalan, mabuting mangusap, matatas magsalita, minamahal ng mga kamag-anak at mga di-kamag-anak, pinagpipitagan ng mga kababayan niya at iginaga-lang sa kanila. Wala silang itinataguri sa kanya kundi al-Amín, ang Mapagkakatiwalaan. Inilalagak nila sa kanya ang kanilang mga mahahalagang bagay kapag naglalakbay sila.

Karagdagan pa sa kagandahan ng kaasalan niya, makisig din ang anyo niya. Hindi nagsasawa ang mata sa pagtingin sa kanya. Maputi ang mukha niya, mabilog ang mata, mahaba ang mga pilik-mata, maitim ang buhok, malapad ang balikat, at hindi matangkad at hindi rin mababa—katamtaman sa mga lalaki—ngunit higit na malapit sa pagiging matangkad.

Inilarawan siya ng isa sa mga kasamahan niya, na nagsasabi: “Nakita ko ang Sugo ni Allah (SAS) na suot ang isang kasuutang gawa sa Yemen. Wala pa akong nakitang higit na makisig pa sa kanya.” Hindi siya marunong bumasa at hindi marunong sumulat sa gitna ng mga taong sa kabuuan ay hindi marunong bumasa’t sumulat. Kakaunti ang mahusay bumasa at sumulat sa kanila. Gayon paman, sila ay matatalino, malalakas ang memorya at mabilis makaunawa.

## Ang Quraysh at ang mga Arabe

Ang lipi ng Propeta (SAS) at ang angkan niya ay nakatira noon sa Makkah sa malapit sa al-Masjid al-Harám at Ka‘bah, na ipinag-utos ni Allah kay Abraham at sa anak nitong si Ismael na itayo.

Subalit sila, sa paglipas ng mahabang panahon, ay nalihis sa relihiyon ni Abraham (ang wagas na pagsamba kay Allah). Naglagay sila, at ang mga liping nasa palibot nila, ng mga imahen na yari sa bato, kahoy, at ginto sa palibot ng Ka‘bah. Itinuring nilang banal ang mga ito at naniwala silang ang mga ito ay nakapagdudulot ng pakinabang at pinsala. Gumawa-gawa sila ng mga ritwal bilang mga pagsamba sa mga ito. Ang pinakabantog sa mga ito ay ang imahen ni Hubal, ang pinakamalaki at ang pinakamahalaga para sa kanila. Karagdagan sa iba pang mga imahen at mga kahoy, sa labas ng Makkah ay may mga sinasamba bukod pa kay Allah at ginagawaran ng kabanalan gaya nina al-Lát, al-‘Uzzá at Manáh.

Ang kanilang buhay kasama ng kanilang kapaligiran ay puno ng kapalaluan, pagmamayabang, pagmamataas, pangangaway sa iba, at mga mapanirang digmaan; bagaman mayroon din naman sa kanila na mga magandang ugali gaya ng katapangan, pagpaparangal sa panauhin, katapatan sa pananalita, at iba pa.

## Ang Pagsugo sa Propeta (SAS)

Nang sinapit na ng Propeta ang gulang na apatnapung taon at habang siya ay nasa loob ng yungib ng Hira' sa labas ng Makkah, ibinaba sa kanya ang kauna-unahang kapahayagan mula sa langit buhat kay Allah. Pinuntahan siya ni Anghel Gabriel. Mahigpit siyang niyakap nito at sinabi sa kanya: "Bumasa ka."

"Hindi ako marunong bumasa," sagot naman niya.

Muli siyang niyakap nito nang napakahigpit at sinabi sa kanya: "Bumasa ka."

"Hindi ako marunong bumasa," sagot uli niya.

Sa ikatlong pagkakataon ay muli na naman siyang niyakap nang lalong napakahigpit at sinabi sa kanya: "Bumasa ka."

"Ano ang babasahin ko?" tanong niya.

Nagsabi ito: **"Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, lumikha sa tao mula sa namuong dugo. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman."** (96:1-5).

Pagkatapos niyon ay umalis ang anghel at iniwan siya. Takot na takot at sindak na sindak nang nagbalik ang Sugo (SAS) sa bahay niya at sa kanyang maybahay.

"Balutin mo ako, balutin mo ako; natatakot ako para sa sarili ko," sabi niya sa kanyang maybahay na si Khadíjah.

"Aba'y huwag, sumpa man kay Allah, hinding-hindi ka bibigyan ni Allah ng kahihiyan. Pinakikitunguhan mo nang maigi ang iyong kamag-anak, tumutulong ka sa naghihikahos, at umaagapay ka sa dinapuan ng kasawiang-palad," tugon ng maybahay niya sa kanya.

Pagkatapos niyon ay pinuntahan na naman siya ni Gabriel (AS) sa talagang anyo nito noong ito ay likhain ni Allah. Natakpan niya ang buong abot-tanaw. Sinabi nito: "Muhammad, ako si Gabriel at ikaw ang Sugo ni Allah."

Nagkasunod-sunod na ang pagdating kapahayagan mula sa langit na nag-uutos sa Sugo (SAS) na anyayahan ang mga kababayan niya na si Allah lamang ang sambahin at magbabala sa kanila laban sa *shirk* (pagtatambal kay Allah ng iba pang diyos) at *kufr* (kawalang pananampalataya). Nagsimula siyang isa-isang anyayahan ang mga kababayan niya na pumasok sa Islam. Nagsimula siya pinakamalapit na kamag-anak. Ang unang naniwala sa kanya ay ang maybahay niya na si Khadíjah na anak ni Khuwaylid, ang kanyang kaibigang si Abú Bakr as-Siddíq, ang kanyang pinsang si 'Alí na anak ni Abú Talib.

Nang malaman ng mga kababayan niya ang pag-aanyaya niya, nagsimula silang harapin siya, pagbalakan siya ng masama at awayin siya. Isang umaga, pumunta siya sa mga kababayan niya at tinawag sila sa napakalakas na tinig: "*Wa sabahah*." Ito ang salitang sinasabi ng sinumang nagnanais na tipunin ang mga tao. Kaya naman sunod-sunod na nagdatingan ang kanyang mga kababayan upang magtipon para makinig sa sasabihin sa kanila.

Nang nagtipon na sila, sinabi niya sa kanila: "Sa tingin ba ninyo kung sakaling ipagbigay-alam ko sa inyo na sa likod ng bundok na iyon ay may mga kalaban na nakahandang sumalakay sa inyo sa gabi o sa umaga, paniniwalaan ba ninyo ako?"

"Hindi pa kami nakaranas ng kasinungalingan sa iyo," sagot nila.

***"Ako ay isang tagapagbabala sa inyo ng napipintong matinding parusa,"*** sabi niya.

Kaya ang sabi ng tiyuhin niyang si Abu Lahab: "Sumaiyo ang kasawian; ito ba ang dahilan ng pagtipon mo sa amin?" Si

Abú Lahab ay isa sa kanyang mga tiyuhin. Ito at ang maybahay nito ay kabilang sa mga taong may matinding pagkapoot sa Sugo (SAS).

Dahil doon, ibinaba ni Allah sa Sugo Niya (SAS) ang sabi Niya: **"Napahamak ang dalawang kamay ni Abú Lahab at napahamak siya! Walang magagawa para sa kanya ang kayamanan niya at ang anumang nakamit niya. Papasok siya sa Apoy na may liyab. At ang may-bahay niya, ang tagapasan ng panggatong, sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay."**(111:1-5).

Nagpatuloy ang Sugo (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila sa Islam. Sinasabi niya sa kanila: "Sabihin ninyo na walang Diyos kundi si Allah, magiging matagumpay kayo." Sinabi naman nila: "Ginawa ba Niya ang mga diyos na isang diyos? Tunay na ito ay isang kataka-takang bagay."

Ibinaba mula kay Allah ang mga kapahayagan na nag-aanyaya sa kanila sa patnubay at nagbibigay-babala sa kanila sa pagkaligaw na siyang kalagayan nila. Ilan sa mga ito ay ang sabi ni Allah: **"Sabihin mo: "Tunay na kayo ba ay talagang tumatangging sumampalataya sa lumikha sa lupa sa loob ng dalawang araw at gumagawa pa kayo sa Kanya ng mga kaagaw? Iyan ay ang Panginoon ng mga nilalang. Naglagay Siya dito *sa lupa* ng mga matatatag na mga bundok sa ibabaw nito, nagbiyaya Siya rito at sinukat Niya rito ang mga pagkain *ng mga naninirahan* dito, sa loob ng apat na araw na magkapantay para sa mga nagtatanong. Pagkatapos ay bumaling Siya sa langit nang ito ay usok pa at Sinabi Niya rito at sa lupa: "Pumarito kayong dalawa, nang may pagtalima o pagtanggi. Nagsabi ang dalawa: "Pupunta kami na tumatalima." Tinapos Niya sila bilang pitong langit sa loob ng dalawang araw. Ginawa Niya sa**

**bawat langit ang kapakanan nito. Nilagyan Niya ang pinakamababang langit ng mga ilaw bilang gayak at tagapangalaga. Iyan ay ang pagtatakda ng Makapangyarihan, Maalam. Kaya kung aayaw sila ay sabihin mo: "Binantaan ko na kayo ng kidlat at kulog na tulad ng kidlat at kulog na dumapo sa *lipi ng* '**ٍ**d at Thamúd.""**(41:9-13).

Subalit ang mga kapahayagang ito at ang pag-aanyayang iyon ay walang naidagdag sa kanila kundi kapalaluan at pagmamatigas na tanggapin ang katotohanan. Hindi lamang, iyon nagsimula pa silang naging matindi sa pagpapasakit sa mga pumasok sa Islam, lalo na sa mga mahihina sa mga ito na walang mga magtatanggol. Nilagyan nila ang dibdib ng isa sa mga ito ng isang malaking bato at hinihila ito sa mga lansangan sa gitna na matinding init. Pinagsasabihan nila ang mga ito na tumangging sumampalataya sa relihiyon ni Muhammad o masiyahan sa parusang ito. Namatay ang iba dahil sa tindi ng pahirap.

Samantala, ang Sugo ni Allah (SAS) naman ay nasa ilalim ng pangangalaga ng kanyang tiyuhing si Abu Talib na nagmamahal sa kanya at nagmamalasakit sa kanya. Kabilang si Abú Tálib sa mga malalaking tao sa lipi ng Quraysh, dangan nga lamang at hindi siya pumasok sa Islam.

Tinangka ng mga Quraysh na suhulan ang Sugo (SAS) upang itigil niya ang pangngaral niya. Inalok nila siya ng mga kayamanan, na maging hari nila at iba pang mga pang-akit sa kondisyong ititigil niya ang pag-aanyaya niya sa bagong relihiyong ito na nakasasama sa mga diyos nila na pinakababanal nila at sinasamba nila bukod pa kay Allah. Ang paninindigan ng Sugo (SAS) ay matigas at walang pag-aalinlangan sapagkat ito ay pananampalatayang ipinag-utos sa kanya ni Allah na iparating

sa mga tao. Kung sakaling tatalikdan niya ang kautusang ito, tiyak na siya ay parurusahan ni Allah. Sinabi niya sa kanila: "Ang ninanais ko sa inyo ay ang kabutihan sapagkat kayo ay aking mga kaangkan at mga kalipi. Sumpa man kay Allah, kung sakaling ako man ay magsisinungaling sa lahat ng tao, hindi ako magsisinungaling sa inyo; at kung dadayain ko man ang lahat ng tao, hindi ko kayo dadayain."

Nang walang napala ang mga pag-aalok na itigil ng pangangaral, lalong tumindi ang pang-aaway ng mga Quraysh sa Sugo (SAS) at sa mga tagasunod niya. Hiniling ng mga Quraysh kay Abú Tálib na isuko sa kanila si Muhammad (SAS) upang kanila siyang patayin at bibigyan naman nila ito ng anumang naisin nito, o patigilin nito ang Propeta (SAS) sa pagpapalaganap ng relihiyon niya sa mga Quraysh. Hiniling sa kanya ng tiyuhin niya na huminto na siya sa pag-aanaya sa relihiyong ito. Tumulo ang luha ng Sugo (SAS) at nagsabi: "Tiyong, sumpa man kay Allah, kahit ilagay pa man nila ang araw sa kanang kamay ko at ang buwan sa kaliwang kamay ko para iwan ko lamang ang relihiyong ito, hindi ko ito iiwan hanggan sa panagumpayin ito ni Allah o mamatay ako alang-alang dito."

Kaya nagsabi ang tiyuhin niya sa kanya: "Magpatuloy ka; sabihin mo ang nais mo; sumpa man kay Allah, hindi ka nila magagawan ng anumang masama hanggang hindi ako napapatay dahil sa iyo."

Nang naghihingalo na si Abú Tálib, at nasa tabi niya ang ilang malaking tao sa mga Quraysh, pinuntahan siya ng Sugo (SAS) upang magsumamo rito na pumasok sa Islam. Nagsabi siya rito: "Tiyong, sabihin mo ang pangungusap na maipagtanggol kita kay Allah sa pamamagitan niyon; sabihin mo, walang Diyos kundi si Allah."

Pinagsabihan si Abú Tálib ng mga malaking tao ng Quraysh: “Inaayawan mo na ba ang relihyon ni Abdulmuttalib? Aayawan mo na ba ang relihiyon ng mga magulang at mga ninuno?”

Naging mabigat kay Abu Talib na iwan ang relihiyon ng mga ninuno niya at pumasok sa Islam, kaya namatay siya na Mushrik (sumasamba sa iba pang diyos bukod pa kay Allah).

Labis-labis na ikinalungkot ng Sugo (SAS) ang pagyao ng tiyuhin niya samantalang nanatili ito sa shirk. Kaya si Allah ay nagssabi sa kanya: **“Tunay na ikaw ay hindi pumapatnubay sa minamahal mo, subalit si Allah ay pumapatnubay sa sinumang loloobin Niya. Siya ay ang higit na nakaaalam sa mga napapatnubayan.”**(28:56).

Dumanas ng pamiminsala ang Propeta (SAS) pagkamatay ng kanyang tiyuhing si Abú Tálib. Halimbawa, kumukuha sila ng mga dumi ng mga hayop at inilalagay nila ito sa likod niya habang siya ay nagdarasal sa tabi ng Ka‘bah.

Pumunta ang Propeta (SAS) sa lunsod ng Tá’if upang anyayahan ang mga naninirahan doon sa Islam. (Ang Tá’if ay isang lunsod na mga 70 kilometro mula sa Makkah.) Ngunit hinarap nila ang kanyang paanyaya nang higit na matindi pa sa ginawa ng mga taga-Makkah. Inuto nila ang mga bata sa kanila na batuhin ang Propeta (SAS). Itinaboy nila siya sa Tá’if. Sinundan nila siya habang siya ay hina-hagisan ng bato hanggang sa mapadugo nila ang dalawang sakong niya. Kaya dumulog ang Propeta (SAS) sa kanyang Panginoon at nanalangin sa Kanya at nagpasaklolo sa Kanya. Ipinadala Nito sa kanya ang isang anghel at sinabi nito sa kanya: “Narinig ng iyong Panginoon ang sinabi ng mga kababayan mo sa iyo; kung nanaisin mo ay iipitin ko sila ng Akhshabán.” (Ang Akhshrban ay dalawang malaking bundok na nakapaligid sa Makkah.)

“Aba’y huwag, bagkus umaasa akong magpapaluwal si Allah mula sa kanila mga supling na sasamba sa Kanya lamang at hindi magtatambal ng anuman sa Kanya.” sabi ng Sugo (SAS).

Nagbalik ang Sugo (SAS) sa Makkah. Nagpatuloy ang pang-aaway at ang masamang pakikiharap ng kanyang mga kababayan sa bawat naniwala sa kanya.

May dumating sa Sugo (SAS) na isang pangkat ng mga taga- Yathrib na hindi naglaon ay pinangalanang *Madínah an-Nabí* (ang lungsod ng Prpeta). Inanyayahan niya sila sa Islam at nagsiyakap naman sila sa Islam. Kaya pag-uwi nila ay ipinadala niya kasama nila ang isa sa kanyang mga kasamahan, na ang pangalan ay Mus‘ab Ibnu ‘Umayr, upang siyang magturo sa kanila ng mga katuruan ng Islam. Sa pamamagitan ni Mus‘ab ay maraming mga taga-Madínah ang pumasok sa Islam.

Nang sumunod na taon ay pumunta sa Propeta (SAS) ang mga bagong Muslim upang manumpa ng katapatan sa kanya sa pagyakap nila sa Islam. Inutusan niya ang pinag-uusig niyang mga kasamahan na lumikas sa Madínah. Kaya may mga pangkat at mga mga tao na nagsilikas doon. (Tinagurian silang mga Muhájir, o mga nagsilikas o mga nandayuhan.) Malugod at magiliw silang tinanggap ng mga taga-Madínah, pinatuloy sila sa mga tahanan ng mga ito at hinatian sila ng mga ari-arian ng mga ito at mga bahay ng mga ito. Pagkatapos niyon ay tinawag ang mga taga-Madínah na Ansár, mga tumulong.

Nang nalaman ng mga Quraysh ang paglikas na ito, nagpasya silang patayin ang Propeta (SAS). Nagpasya silang kubkubin ang bahay niya na tinutulugan niya. Kapag sakaling lumabas siya, sabay-sabay nila siyang tatagain na animo’y isang tao ang tumaga. Ngunit iniligtas siya ni Allah sa kanila. Lumabas siya at dumaan sa kanila nang hindi nila

namamalayan. Sumunod sa kanya si Abú Bakr at inutusan niya naman si ‘Alí na manatili sa Makkah upang isauli ang mga mahahalagang bagay na inilagak sa mga may-ari nito.

Habang siya ay nasa daan, naglaan ang mga Quraysh ng malaking pabuya sa sinumang makadadakip kay Muhammad (SAS) buhay man o patay. Subalit iniligtas siya ni Allah sa kanila at siya at ang kanyang kasama ay nakarating nang ligtas sa Madínah.

Pagdating ng Sugo ni Allah (SAS) doon ay masaya at malugod siyang sinalubong ng mga taga-Madínah. Labis-labis ang kanilang kasiyahan. Nagsilabasan sila sa mga tahanan nila upang salubungin siya. Sinasabi nila: “Dumating ang Sugo ni Allah, dumating ang Sugo ni Allah.”

Nanirahan ang Sugo (SAS) sa Madínah. Una niyang ginawa roon ang pagpapatayo ng masjid upang may mapagdausan ng mga dasal. Sinimulan niyang itinuro sa mga tao ang mga alituntunin ng Islam, ipabigkas sa kanila ang Qur’an at hubugin sa mga magandang asal. Pinagtitipunan siya ng mga Kasamahan niya upang matutuhan nila mula sa kanya ang patnubay at sa pamamagitan nito ay mapadalisay nila ang mga kaluluwa nila, bumuti ang mga kaasalan nila, lumalim ang pagmamahal nila sa Sugo (SAS), maimpluwensiyahan ng mga matayog na katangian niya, lumakas ang bigkis ng pagkakapatiran nila na nakabatay sa pananampalataya.

Ang Madínah ay naging isang huwarang lunsod na pinaghaharian ng ligaya at kapatiran: sa mga naninirahan dito ay walang ipinagkaiba ang mayaman sa mahirap, ang puti sa itim, ang Arabe sa di-Arabe. Walang pagtatangi-tangi sa kanila kundi sa pananampalataya at takot kay Allah. Mula sa mga itinanging ito lumitaw ang pinakamainam na salin-lahing nalaman ng kasaysayan.

Pagkalipas ng isang taong matapos lumikas ang Sugo (SAS) nagsimulang magkaroon ng mga alitan at mga labanan ang Sugo (SAS) at ang mga Kasamahan niya laban sa lipi ng Quraysh at mga tumulad mga ito sa pakipag-away sa Islam.

Naganap ang unang labanan nila—ang malaking labanan sa Badr —sa isang lambak sa pagitan ng Makkah at Madínah. Inalalayan ni Allah ang mga Muslim na binubuo ng 314 mandirigma laban sa mga Quraysh na binubuo ng 1,000 mandirigma. Matagumpay na nanalo ang mga Muslim. Namatayan ang mga Quraysh ng 70; ang karamihan ay ang mga malaking tao sa kanila at mga pinuno, nabihag ang 70, at ang mga nalalabi ay nagtakbuhan.

Dumating ang iba pang mga labanan na namagitan sa Sugo (SAS) at mga Quraysh. Sa huling labanan (walong taon matapos lisanin niya ang Makkah) ay nagawa ng Sugo (SAS) na magdala sa Makkah ng isang hukbo ng mga Muslim na binubuo ng 10,000 mandirigma na nagsipasok sa Islam. Pumunta sila roon upang lusubin ang mga Quraysh sa mismong tirahan ng mga ito at pasukin ito nang sapilitan. Nanaig siya nang lubusan sa mga Quraysh. Nagapi ang lipi niya na nagnais na pumatay sa kanya, nagpahirap sa mga Kasamahan niya, at sumagabal sa relihiyong dinala niya mula kay Allah.

Matapos ang bantog na pananaig na iyon ay tinipon niya ang mga Quraysh at sinabi niya sa kanila: “Kalipunan ng mga Quraysh, ano ang inaakala ninyong gagawin ko sa inyo?”

“Kung ano ang mabuti, kapatid na marangal na anak ng kapatid na marangal,” sabi ng mga Quraysh. “Humayo kayo; kayo ay malaya na,” sabi niya. Pinagpaumanhinan niya sila at hinayaan silang maging malaya sa pagyakap sa pananampalatayang Islam. Ito ang dahilan kung kaya pulu-pulutong na nagsipasok ang mga tao sa Islam. Ang buong Arabia ay yumakap sa Islam.

Hindi nagtagal at nagsagawa ng hajj ang Sugo (SAS). Kasama niyang nagsagawa ng hajj ang mga 114,000 na mga bagong pasok sa pananampalatayang Islam. At sa araw ng pinakadakilang araw ng hajj (araw ng ‘ح dul Ad'há) ay tumayo siya upang magtalumpati sa gitna. Ipanaliwanag niya sa kanila ang mga alituntunin ng Islam at mga patakaran ng Islam. Pagkatapos niyon ay sinabi niya sa kanila:

“Baka hindi ko na kayo makatagpo pagkatapos ng taong ito kaya maanong iparating ito ng naririto sa wala rito.”

Tumingin siya sa kanila at nagsabi: “Hindi ba’t naiparating ko na?”

“Opo,” sabi ng mga tao.

Kaya ang sabi niya naman: “O Allah, sumaksi Ka po. Hindi nga ba’t naiparating ko na?”

“Opo,” sabi ng mga tao.

“O Allah, sumaksi Ka po.”

Pagkatapos ng hajj ay nagbalik ang Sugo (SAS) sa Madínah. Isang araw ay nagtalumpati siya sa mga tao. Sinabi niya sa kanila na may isang taong pinapili ni Allah na manatili sa mundo o makapiling si Allah. Pinili ng taong ito ang makapiling si Allah. Umiyak ang mga Kasamahan niya dahil nalaman nilang ang tinutukoy niya ay ang sarili niya at nalalapit na niyang iwan ang buhay sa mundong ito. Araw ng Lunes, ika-12 araw ng ikaapat na buwan sa kalendaryo ng Islam, ika-11 taon magmula ng lumikas nang lumala ang sakit ng Sugo (SAS) at nagsimula ang kanyang paghihingalo. Namamaalam niyang tiningnan ang mga Kasamahan niya at pinagbilinan niya sila na panatilihin ang pagdarasal. Isinuko niya ang kanyang marangal na kaluluwa at lumipat na sa Kataas-taasang Kasama.

Nagitla ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS)—kalugdan sila ni Allah—sa pagkamatay niya at labis-labis na lungkot at

dalamhati ang dumapo sa kanila. Labis silang natangay ng pangyayari. Kaya dala ng sindak na dulot ng pagkabigla ang isa sa kanila, si Umar Ibnu al-Khatab (RA),[11] ay tumayo na hugot ang tabak nito at nagsabi: "Wala akong isang maririnig na magsasabing namatay na ang Sugo na hindi ko tatagain ang kanyang leeg.

Dahil doon ay nagsalita si Abú Bakr (RA) upang paalalahanan ito tungkol sa sinabi ni Allah: **"Si Muhammad ay isang Sugo lamang. Nagdaan na noong wala pa siya ang mga sugo. Kaya kung namatay siya o napatay siya, manunubalik ba kayo sa mga pinanggalingan ninyo? Ang sinumang manunumbalik sa pinanggalingan niya ay hindi niya mapipinsala si Allah ng anuman. Gagantihan Allah ang mga nagpapasalamat."** (3:144). Nang marinig ni Umar ang talatang ito ay hinimatay ito.

Ito si Muhammad, ang Sugo ni Allah at ang kahuli-hulihan sa mga propeta at mga isinugo. Ipinadala siya ni Allah sa lahat ng tao bilang tagapaghatid ng magandang balita at tagapagbabala. Naihatid niya ang mensahe, nagampanan ang tungkulin at napag-payuhan niya ang sambayanang Muslim. Inalalayan siya ni Allah sa pamamagitan ng Banal na Qur'an, ang Salita ni Allah na ibinaba mula sa langit na: **"Hindi nakararating dito ang kabulaanan sa nakaraan ni sa hinaharap. *Ito ay* isang pagbaba mula sa Marunong, Kapuri-puri."**(41:42). Kung magtipon man ang mga tao magmula sa simula ng mundo hanggang sa wakas nito upang gumawa ng tulad ng Qur'an hindi sila makagagawa ng tulad nito

---

[11] **R**adiy**A**llahu **'A**nhu o '**A**nhá para sa babae: Kalugdan siya ni Allah. Sinasambit ito tuwing nababanggit ang pangalan o katawagan ng isang kasamahan ng Sugo (SAS).

kahit pa magtulong-tulong sila. Nagsabi si Allah: **"O mga tao, sambahin ninyo ang Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo nang harinawa kayo ay mangingilag magkasala, na siyang gumawa para sa inyo ng lupa bilang pahingahan at ng langit bilang silungan at nagpababa mula sa langit ng tubig at pinalabas Niya sa pama-magitan nito ang mga bunga bilang panustos sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa kay Allah ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam. Kung kayo ay nasa pag-aalinlangan sa ibinaba Namin sa Lingkod Namin ay magbigay kayo ng isang súrah na tulad niyon at tawagin pa ninyo ang mga saksi ninyo bukod pa kay Allah kung kayo ay mga nagsasabi ng totoo. Ngunit kung hindi ninyo magawa, at hindi ninyo magagawa, ay pangi-lagan ninyo ang Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, na inihanda para sa mga tumatangging sumam-palataya. Iparating mo ang nakalulugod na balita sa mga suma-sampalataya at gumagawa ng mga matutuwid, na magkakamit sila ng mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog. Sa tuwing tinutustusan sila roon ng mga bunga bilang panustos, magsasabi sila: "Ito rin ang itinustos sa amin noon." Bibigyan sila ng nakawawangis. Magkakaroon sila roon ng mga asawang dinalisay at doon sila mananatili."**(2:21-25).

Ang Qur'an na ito ay binubuo ng 114 súrah (kabanata) at higit sa 6,000 áyah (talata). Hinahamon ni Allah ang sangkatauhan sa mga nagdaang panahon na magbigay ng isang súrah na katulad ng sa mga súrah ng Qur'an. Ang pinakamaikling súrah sa Qur'an ay binubuo ng tatlong áyah lamang. Kung magagawa nila iyon, malalaman nilang ang Qur'an na ito ay hindi buhat kay Allah. Ito ang pinakadakila sa mga himalang itinulong ni Allah sa Kanyang Sugo (SAS).

## Ilan sa mga Himalang Itinulong ni Allah sa Sugo (SAS)

1. Dumalangin siya kay Allah at inilagay niya ang kamay niya sa lalagyan ng inumin. Lumabas ang tubig sa pagitan ng mga daliri niya at ang buong hukbo na binubuo ng isanlibo ay nakainom mula sa tubig na ito.
2. Nanalangin siya kay Allah at inilagay niya ang kanyang kamay sa pagkain. Dumami ang pagkain sa plato hanggang sa makakain mula rito ang 1,500 kasamahan niya.
3. Itinaas niya ang mga kamay niya sa langit habang nananalangin kay Allah na magpabuhos ng ulan. Hindi pa niya naiwan ang kinalalagyan niya at nagsitulo ang mga patak ng tubig mula sa mukha niya sanhi ng ulan.

## Marami pa ang ibang mga himala

Inalalayan siya ni Allah sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanya. Walang isang nakalapit sa kanya na nagnanais na pumatay sa kanya o pumatay sa liwanag na kanyang dinala mula kay Allah. Sinabi ni Allah: **"O Sugo, iparating mo ang ibinaba sa iyo mula sa Panginoon mo; at kung hindi mo ginawa ay hindi mo maipa-rarating ang pasugo Niya. Si Allah ay mangangalaga sa iyo sa mga tao."**(5:67).

Ang Sugo ni Allah, kalakip ng pag-aalalay ni Allah sa kanya, ay isang ulirang halimbawa sa lahat ng mga gawain niya at mga salita niya. Siya ang unang tagapagpatupad sa mga kautusang ibinaba sa kanya mula kay Allah. Sa lahat ng tao ay siya ang pinakamasigasig sa paggawa ng mga pagsamba at pinakamasunurin. Siya ang pinaka-mapagbigay sa mga tao. Walang anumang kayamanang natitira sa kamay niya na hindi niya ginugol alang-alang kay Allah para sa mga dukha, mga maralita at mga nangangailangan. Pati ang dapat niyang ipamana

ay ipinamigay pa niya. Sinabi niya: "Kaming mga Propeta ay hindi nagpapamana; ang anumang naiwan namin ay kawanggawa."

Tungkol naman sa kaasalan niya, walang isa mang makatutulad dito. Wala siyang nakasama na hindi siya minahal mula sa kaibuturan ng puso nito anupa't ang Sugo (SAS) ay naging higit na mahal para rito kaysa sa anak nito, mga magulang nito at pati na sa lahat ng tao. Sinasabi ni Anas Ibnu Malik, ang utusan ng Sugo ni Allah (SAS): "Walang palad akong nahawakan na higit na mabuti, higit na malambot at higit na mabango kaysa sa kamay ng Sugo ni Allah (SAS). Napaglingkuran ko siya ng sampung taon, ngunit wala siyang nasabi sa akin sa anumang nagawa ko, 'Bakit mo ito ginawa' at sa anumang hindi ko nagawa, 'Bakit hindi mo ito nagawa.' "

Iyan si Muhammad, ang Sugo ni Allah. Itinaas ni Allah ang repu-tasyon niya at iniangat ang katanyagan niya sa lahat ng nilalang. Walang taong nababanggit sa sandaigdigan ngayon at kahapon gaya ng pagbanggit sa kanya. Sapagkat sa loob ng apat na libo't apat na raang taon na, milyon-milyong mga tore sa lahat ng dako ng mundo ang umaawit limang beses araw-araw ng: "Sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah." Daan-daang milyong mga nagdarasal ang kung ilang beses na puulit-ulit na binabanggit sa mga dasal nila araw-araw ang: "Sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah."

## Ang mga Mararangal na Sahábah

Binalikat ng mga mararangal na Sahábah (mga Kasamahan ng Propeta (SAS)) ang pag-aanyaya sa Islam matapos na yumao ang Sugo (SAS). Dinala nila ito sa silangan at kanluran ng daigdig. Sila ang tunay na pinakamainam na mga tagapag-anyaya sa Islam. Sa lahat ng tao ay sila ang pinakatapat ang pananalita, ang pinakamakatarungan, ang pinakamapagkakatiwalaan at ang

pinakamasidhi ang hangaring mapatnubayan ang mga tao at mapalaganap ang kabutihan sa gitna ng mga tao.

Tinularan nila ang mga kaasalan ng mga propeta at ginaya nila ang mga katangian ng mga ito. Ang mga kaasalang ito ay may hayagang impluwensiya sa pagtanggap sa pananampalatayang ito ng maraming lahi sa daigdig kaya sunod-sunod silang nagsipasok nang pulu-pulutong sa Relihiyon mula kay Allah mula sa kanlurang Aprika hanggang sa silangang Asya hanggang sa gitnang Europa. Pumasok sila dahil naibigan nila ang pananampalatayang ito—hindi dahil sa pamumuwersa o pamimilit.

Silang mga Sahabah ng Sugo ni Allah (SAS) ang pinakamainam sa mga tao matapos ang mga propeta. Ang pinakatanyag sa kanila ay ang apat na Khalífah (kahalili) na napatnubayan na namuno sa Estado ng Islam matapos yumao ang Sugo (SAS). Sila ay sina:

1. Abú Bakr as-Siddíq
2. ‘Umar Ibnu al-Khattáb
3. Uthman Ibnu Affán
4. Alí Ibnu Abí Tálib

Nakadarama ang mga Muslim ng lahat ng pagkilala ng utang ng loob at pagpipitagan sa kanila. Itinuturing nilang ikapagpapalapit kay Allah ang pagmamahal sa Sugo Niya (SAS) at ang pagmamahal sa mga kasamahan ng Kanyang Sugo (SAS), lalaki man o babae. Nagpipitagan at gumagalang sila sa mga ito at inilalagay sila sa karapat-dapat nilang kalagyan. Walang nasusuklam sa mga ito at walang naninirang-puri sa mga ito kundi ang isang tumatangging sumampalataya sa relihiyong Islam, kahit pa man mag-angkin ang taong ito na siya ay isang Muslim.

## Ang mga Saligan ng Islam

1. **Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah.** Ito ang unang pangungusap na kailangang sabihin ng pumapasok sa relihiyong Islam. Sasabihin niya: **ash'hadu allá iláha illalláh wa ash'hadu anna muhammadar rasúlulláh** (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah). Sasabihin ito kalakip ang paniniwala sa lahat ng kahulugan nito, gaya ng nabanggit na.

   Maniniwala siya na si Allah ang Isa at Nag-iisang Diyos na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang anumang tulad sa Kanya, na Siya ang Tagapaglikha at ang anumang iba pa sa Kanya ay nilikha, na Siya lamang ang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba. Samakatuwid, walang Diyos kundi Siya at walang Panginoon bukod pa sa Kanya. Maniniwala siya na si Muhammad ay lingkod ni Allah at Sugo Niya na pinadalhan ng kapahayagan mula sa langit na nagpaparating sa ipinag-uutos at ipinagbabawal ni Allah. Kailangang paniwalaan siya sa ipinabatid niya, sundin siya sa ipinag-utos niya at iwasan ang ipinagbawal niya.
2. **Ang pagsasagawa ng s̲aláh.** Ito ay binubuo ng limang dasal (s̲aláh sa wikang Arabe) sa isang araw. Nakikita sa pagdarasal ang mga pagtatanghal ng pagpapaalipin at pagsunod kay Allah. Ang tao ay tumatayo nang may pagpapakumbaba habang bini-bigkas ang mga talata ng Qur’an at habang kanyang dinadakila si Allah ng sari-sari mga katagang ginagamit sa pag-aalaala at pagpupuri sa Kanya. Yumuyukod siya para sa Kanya at nagpa-patirapa siya sa Kanya. Kinakausap niya Ito, dumadalangin siya Rito at humihingi siya sa Kanya mula sa dakilang biyaya Niya.

Samakatuwid, ang dasal ay isang tagapag-ugnay sa tao at Panginoon niya na lumikha sa kanya na nakaaalam sa inililihim niya at inihahayag niya, at sa ginagawa niyang pagkilos kasama ng mga nagpapatirapa sa dasal. Ang pagdarasal ang dahilan kung kaya minamahal ni Allan ang isang tao, kung kaya inilalapit Niya ito sa Kanya, at kung kaya nalulugod Siya rito. Ang sinumang huminto sa pagsasagawa nito dahil sa pagtangging magpaalipin kay Allah, magagalit sa kanya si Allah, isusumpa Niya siya, at itiniwalag na niya ang sarili nila sa pananampalatayang Islam.

3. **Ang pagbibigay ng zakáh.** Ang zakáh ay isang takdang bahagi mula sa takdang uri ng ari-arian na itinakda ni Allah na ikaltas sa mga mayaman upang ibigay sa karapat-dapat na mga maralita at mga dukha na kasapi ng lipunan upang maibsan ang kasalatan nila at mapunan ang pangangailangan nila. Ang takdang bahagi nito ay dalawa't kalahating porsiyento (2½%) ng salaping naipon na ipamamahagi taon-taon sa mga karapatang tumanggap.

   Ang saligang ito ay isang dahilan ng paglalaganap ng pagka-kabuklod-buklod sa lipunan sa pagitan ng mga indibiduwal ng lipunan kalakip na rito ang paglago ng pagmamahalan, pagka-kapalagayan ng loob, pagtutulungan nila, at pagkaalis ng mga pagkamuhi at mga hinanakit ng mga uring maralita sa mga uring mayayaman at mga nakaririwasa.

4. **Ang pag-aayuno sa Ramadan.** Ang pag-aayuno (sawm o siyam sa wikang Arabe) ay ang paghinto sa pagkain, pag-inom at paki-kipagtalik, sa layuning gagawin itong isang pagsamba kay Allah, magmula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw.

Ang buwan ng Ramadan, ang panahon na kailangang mag-ayuno, ay ang ikasiyam na buwan ng Islam. Sa buwan ding ito nagsimula ang pagpapahayag ng Qur'an sa Sugo (SAS). Sinabi ni Allah: **"Ang buwan ng Ramadán *ay ang buwan* na ibinaba roon ang Qur'an bilang patnubay para sa mga tao, bilang mga malinaw na katunayan mula sa Patnubay at Batayan. Kaya ang sinumang sa inyo ay *nananahan na* nakasaksi sa buwan na ito ay pag-ayunuhan niya ito,"** (2:185).

Ilan sa mga malaking kabutihang naidudulot ng pag-aayuno ay ang pagsasanay na magtimpi at magtiis at ang pagpapalakas sa angking takot kay Allah at pananampalataya na nasa puso. Iyan ay sapagkat ang pag-aayuno ay isang lihim sa pagitan ng tao at ni Allah. Magagawa ng isang tao—kapag siya ay nag-iisa sa isang lugar—, na kumain at umiinom at walang isa mang makaaalam sa paghinto niya sa kanyang pag-aayuno. Kung mag-aayuno siya bilang pagsamba kay Allah habang nababatid niyang walang nakakikita sa kanya sa pagsamba niya kay Allah, ang gayon ay magiging dahilan ng paglago ng pananampaltaya niya at takot sa Kanya. Dahil doon, ang gantimpala sa mga nag-aayuno ay malaki mula kay Allah. Hindi lamang iyon—sa Paraiso, ang mga nag-aayuno ay may pintong laan lamang sa kanila.

5. **Ang ang Pagsasagawa ng Hajj.** Tungkulin ng isang Muslim na magsagawa ng hajj isang beses sa tanang buhay. Kung humigit pa roon ang isinagawa niya, iyon ay isang pagkukusang-loob na. Sinabi ni Allah: **"Kay Allah ay may tungkulin ang mga tao na magsagawa ng Hajj sa Bahay: ang sinumang makakayang makarating doon."**(3:97). Maglalakbay ang isang Muslim sa mga pook na pagdadausan ng seremonya ng hajj sa Makkah sa buwan ng

hajj na siyang huling buwan sa kalendaryo ng Islam. Bago pumasok sa Makkah ay huhubarin ng isang Muslim ang kanyang mga kasuutan at magsusuot ng kasuutan ng *ihrám* na binubuo ng dalawang pirasong puting tela (para sa lalaki).

Pagkatapos ay isasagawa ang iba't ibang gawain ng hajj gaya ng paglibot sa Ka'bah, pagtakbo sa pagitan ng Safá at Marwah, pananatili sa 'Arafah, pagpapagabi sa Muzdalifah at iba pang gawaing babanggitin natin nang detalyado sa ikalawang bahagi ng aklat na ito—kung nanaisin ni Allah.

Ang hajj ang pinakamalaking pagtitipon ng mga Muslim sa balat ng lupa. Sa pagtitipong ito ay naghahari sa kanila ang pag-kakapatiran, ang pagmamahalan at ang pagpapayuhan. Ang kasuutan nila ay isa at ang pamamaraan nila ng pagsasagawa ng hajj ay iisa. Walang kalamangan ang isa sa kanila sa iba kundi sa laki ng pangingilag sa pagkakasala kay Allah. Ang gantimpala ng pagsasagawa ng hajj ay malaki. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang nagsagawa ng hajj, hindi nakipagtalik at hindi gumawa ng kasalanan, lalabas siya mula sa mga pagkakasala niya gaya noong araw na ipinanganak siya ng ina."***

## Ang mga Saligan ng Pananampalataya

Hindi magiging wasto ang pagka-Muslim ng isang Muslim kung hindi siya sa sasampalataya sa sumusunod na tinatawag na Anim na Saligan ng Pananampalataya. Siya ay mananampalataya:

**1.** Kay Allah,
**2.** Sa mga Anghel,
**3.** Sa mga Kasulatan,

4. Sa mga Sugo,
5. Sa Huling Araw,
6. Sa Pagtatadhana at Pagtatakda ng kapalaran—ang mabuti rito at masama rito.

Tatalakayin ang detalye ng anim na saligang ito sa ikalawang bahagi ng aklat na ito—kung nanaisin ni Allah.

## Ang mga Katuruan ng Islam at ang mga Kaasalan Nito

## Ang mga Ipinag-uutos

Heto ang ilan sa mga kaasalang itinuturo ng Islam at mga magan-dang pag-uugaling minimithi ng Islam na isabuhay ng lipunang Muslim. Babanggitin natin ang ilan nang maikli. Sisikapin nating hanguin ang mga kaasalang ito at mga magandang pag-uugaling ito mula sa pangunahing mga batayan ng Islam: ang Aklat ni Allah (ang Qur'an) at ang mga kawikaan (Hadíth) ng Sugo ni Allah (SAS).

### 1. Ang Katapatan sa Pananalita

Inoobliga ng Islam ang mga kaanib nito na maging matapat sa pananalita at ginawa niya ito na isang kinakailangang katangian para sa kanila na hindi ipinahihintulot sa kanila na talikuran sa anumang sandali. Mariing nagbabala ito sa kanila laban sa pagsisinungaling at pinalalayo nito sila roon sa pamamagitan ng napakariing pangu-ngusap at napakalinaw na paglalarawan. Nagsabi si Allah: **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga nagsasabi ng totoo."**(9:119). Nagsabi naman ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Tungkulin ninyo ang pagsasabi ng totoo***

***sapagkat tunay na ang pagsasabi ng totoo ay pumapatnubay sa kabutihan at tunay na ang kabutihan ay pumapatnubay sa Paraiso. Kailangang hindi titigil ang tao na nagsasabi ng totoo at nagsisikap na magsabi ng totoo hanggang sa isulat siya kay Allah bilang isang makatotoo. Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat ang pagsisinungaling ay nagpapatnubay sa kabuktutan at tunay na ang kabuktutan ay nagpapatnubay sa Impiyerno. Kailangang hindit titigil ang isang tao nagsisinungaling at nag-sisikap na magsinungaling hanggang sa isulat siya kay Allah isang sinungaling."***

Ang pagsisinungaling ay hindi kabilang sa mga katangian ng isang mananampaltaya, bagkus ito ay kabilang sa mga katangian ng isang Munáfiq (nagpapanggap na Muslim). Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang tanda ng Munáfiq ay tatlo: kapag nagsasalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nangako siya, hindi siya tumu-tupad; at kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya."*** Dahil doon ay naging tatak na ng mararangal na mga Sahábah ang ugaling pagsasabi ng totoo, anupa't ang isa sa kanila ay nagsabing: "Hindi namin nalalaman ang pagsisinungaling noong kapanahunan ng Sugo ni Allah (SAS)."

## 2. Ang Pagganap sa Ipinagkatiwalang Tungkulin, ang Pagtupad sa mga Kasunduan at mga Napag-usapan, at ang Kakatarungan sa mga Tao

Nagsabi si Allah: **"Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwalang tungkulin sa mga kinauukulan ng mga ito, at kapag humatol kayo sa mga tao ay humatol kayo ayon sa katarungan."**(4:58). Nagsabi pa Siya: **"Tuparin ninyo ang kasunduan; tunay na**

**ang kasunduan ay laging pinananagutan. Lubusin ninyo ang pagtatakal kapag magtatakal kayo at tumimbang kayo sa pamamagitan ng maayos na timbangan. Iyan ay mainam at higit na magaling sa kahihi-natnan."**(17:34-35). Pinapurihan ni Allah ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng sabi Niya: **"na mga tumutupad sa kasunduan kay Allah at hindi sumisira sa tipan,"**(13:20).

## 3. Ang Pagpapakumbaba at ang Hindi Pagmamalaki

Ang Propeta (SAS) ay ang pinakamapagpakumbaba sa lahat ng tao. Nauupo siyang kasama ng kanyang mga kasamahan bilang isa sa kanila. Kinasusuklaman niyang tumayo para sa kanya ang mga tao kapag siya ay dumarating. Hinahawakan ng taong may kailangan ang kanyang kamay at dadalhin siya sa kung saan ngunit hindi niya binabawi ang kanyang kamay kung hindi natutugunan ang kailangan nito. Inatasan niya ang mga Muslim na maging mapagpakumbaba at nagsabi siya: ***"Tunay na si Allah ay nagkasi sa akin na magpa-kumbaba kayo upang hindi magyayabang ang isa sa isa pa at hindi mang-api ang isa sa isa pa."***

## 4. Ang Pagkamapagbigay at ang Paggugol Para sa mga Kawanggawa

Nagsabi si Allah: **"Ang anumang ginugugol ninyo na mabuti ay para sa mga sarili ninyo *ang gantimpala*. Hindi kayo gugugol kung hindi sa ikapagtatamo *ng ikasisiya* ng Mukha ni Allah. Ang anumang ginugugol ninyo na mabuti ay lulubusin sa inyo ang kabayaran at hindi kayo gagawan ng kawalang-katarungan."** (2:272). Pinapurihan ni Allah ang mga mananampalataya sa pama-magitan ng sabi Niya: **"Nagpapakain sila dahil, sa pag-iibig sa Kanya, sa isang**

**dukha, isang ulila, at isang bihag."**(76:8). Ang pagkamapagbigay at ang kagalantehan ay katangian ng Sugo ni Allah (SAS) at ng sinumang tumutulad sa kanya na mga mananampalataya. Walang anumang yaman na natira sa kanya na hindi niya ginugol para sa kawanggawa. Nagsabi ni Jábir (RA), isa sa mga Kasamahan ng Propeta (SAS): "Kailanman ay hindi nahilingan ang Sugo ni Allah (SAS) ng anuman at nagsabi siya ng hindi." Hinakayat niya ang mabuting pagtanggap sa panauhin. Nagsabi siya: ***"Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay maging mabuti sa pagtanggap sa panauhin niya."***

## 5. Ang Pagtitiis at ang Pagbabata sa Pasakit

Nagsabi si Allah: **"magtiis ka sa anumang *kasawiang* dumapo sa iyo. Tunay na iyan ay kabilang sa mga mariing ipinag-utos."** (31:17). Nagsabi pa Siya: **"magpatulong kalakip ang pagtitiis at ang pagdarasal; tunay na si Allah ay kasama ng mga nagtitiis."** (2:153). Nagsabi pa Siya: **"Talagang gagantihan nga Namin sa mga nagtiis ang kabayaran nila katumbas sa pinakamaganda sa kanilang ginagawa noon."**(16:96).

Ang Propeta (SAS) ay ang pinakamatiisin sa lahat ng mga tao at pinakamatindi ang pagbabata sa pasakit. Hindi siya gumaganti ng masama. Sinaktan siya ng mga kababayan niya samantalang siya ay nag-aanyaya sa kanila sa Islam. Binato nila siya hanggang sa mapaduguan nila siya; pinunasan niya ang dugo sa kanyang noo at saka nagsabi: ***"O Allah patawarin Mo po ang mga kababayan ko sapagkat sila ay hindi nakaaalam."***

## 6. Ang Pagkakaroon ng Hiya

Ang tunay na Muslim ay mabini at may hiya. Ang pagkakaroon ng hiya ay isang sangay ng pananampalataya. Ito ang nagtutulak sa isang Muslim sa lahat ng mabuting kaasalan. Ang hiya ang pumipigil sa taong may hiya sa kasagwaan at kahalayan sa salita at gawa. Sinabi ng Propeta (SAS): ***"Ang hiya ay walang dinadala kundi kabutihan."***

## 7. Ang Kabutihan sa mga Magulang

Ang kabutihan sa magulang, ang kabaitan sa kanila, ang mabuting pakikitungo sa kanila at pagpapakumbaba sa kanila ay ilan sa mga pangunahing tungkulin sa Relihiyong Islam. Lalong nagiging mariin ang tungkuling ito kapag sumusulong na ang katandaan ng mga magulang at kapag kinailangan nila ang anak nila. Ipinag-utos ni Allah sa Kanyang Aklat na maging mabuti sa kanila at idiniin niya ang kalakihan ng kanilang karapatan. Nagsabi Siya: **"Itinadhana ng Panginoon mo na hindi kayo sasamba kundi sa Kanya at na sa mga magulang ay gumawa ng magaling. Kung inabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanila o ang kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng pabalang na salita at huwag mong bulyawan silang dalawa; magsabi ka sa kanilang dalawa ng marangal na salita. Ibaba mo para sa kanila ang pakpak ng kababaang-loob bahagi ng awa. Sabihin mo: "Panginoon ko, kaawaan Mo po sila yayamang inalagaan nila ako noong bata *ako*.""**(17:23-24). Nagsabi pa Siya: **"Nagtagubilin Kami sa tao *na maging mabuti* sa mga magulang niya; ipinagdalang-tao siya ng ina niya nang nanghina nang nanghina at ang pag-awat sa kanya ay sa loob ng dalawang taon. Magpasalamat ka sa**

**Akin at sa mga magulang mo; sa Akin ang hantungan.”**(31:14).

May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (SAS): “Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko? Nagsabi siya: ***“Ang ina mo.”*** Nagsabi ito: “Pagkatapos ay sino pa po?” Nagsabi siya: ***“Ang ina mo.”*** Nagsabi ito: “Pagkatapos ay sino pa po?” Nagsabi siya: ***“Ang ina mo.”*** Nagsabi ito: “Pagkatapos ay sino pa po?” Nagsabi siya: ***“Ang ama mo.”***

Samakatuwid, inoobliga ng Islam ang isang Muslim na maging masunurin sa mga magulang niya sa lahat ng ipinag-uutos nila maliban sa pagsuway kay Allah sapagkat sa pagkakataong iyon ay hindi dapat sundin ang isang nilikha para suwayin ang Tagapaglikha. Sinabi ni Allah: **“Ngunit kung magpupunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng anumang wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanila, ngunit pakisamahan mo sila sa mundo nang nakabubuti.”**(31:15). Inoobliga rin siya na igalang sila, magpakumbaba sa kanila, parangalan sila sa salita at sa gawa, at maging mabuti sa kanila sa pamamagitan ng lahat ng uri ng kabutihang kayang magawa tulad ng pagpapakain sa kanila, pagbibigay ng kasuutan nila, pagpapagamot sa karamdaman nila, pag-aalis ng makapipinsala sa kanila, pananalangin at paghingi ng patawad para sa kanila, pagtupad ng pangako nila (na hindi nila nagampanan) at pagpaparangal sa kaibigan nila.

## 8. Kagandahang Asal sa Kapwa

Nagsabi ang Propeta (SAS): ***“Ang pinakaganap sa mga mana-nampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan.”*** Nagsabi pa siya: ***“Tunay na kabilang sa pinakaibig ko sa inyo at***

***pinakamalapit sa inyo sa akin sa upuan sa araw ng pagkabuhay ay ang mga napakaganda sa inyo sa mga kaasalan."***

Inilarawan ni Allah ang Propeta Niya (SAS) sa pamamagitan ng sabi Niya: **"Tunay na ikaw ay talagang nasa isang dakilang kaasalan."**(68:4). Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Isinugo lamang ako upang lubusin ko ang mga mararangal sa mga kaasalan."*** Samakatuwid tungkulin ng isang Muslim na maging maganda ang asal sa mga magulang tanda ng pagiging mabuti sa kanila gaya ng nabanggit na natin. Tungkulin ding maging maganda ang asal sa mga anak upang mapalaki ang mga ito sa paraang maganda, maituro sa mga ito ang mga katuruan ng pananampalataya, at mailayo sila sa lahat ng makasasama sa kanila sa buhay sa mundo at sa kabilang-buhay. Tungkulin din niyang gumugol sa kanila mula sa salapi niya hanggang sa sapitin nila ang gulang na maaari na silang umasa sa sarili nila at may kakayahan na silang kumita. Kailangan ding maging maganda ang kaasalan niya sa asawa niya, mga kapatid niya, mga kamag-anakan niya, mga kapitbahay niya at sa lahat ng mga tao. Mamahalin niya para sa kanyang kapwa ang minamahal niya para sa sarili niya; pananatilihin niya ang kaugnayan niya sa mga kamag-anak niya at mga kapitbahay niya; igagalang niya ang mga matanda sa kanila at kaaawaan niya ang mga bata sa kanila; at dadalawin niya at pakikiramayan ang nasalanta sa kanila bilang pagsunod sa sinabi ni Allah: **"Sa mga magulang ay *gumawa ng* magaling at sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano, kasamahan, dayuhang manlalakbay,"**(4:36). Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay huwag niyang saktan ang kapitbahay niya."***

## 9. Ang Pakikibaka Alang-alang sa Landas ni Allah sa Pagsaklolo sa Inaapi, sa Pagpapangibabaw sa Katotohanan at sa Pagpapalaganap sa Katarungan

Sinabi ni Allah: **“Makipaglaban kayo sa landas ni Allah sa mga nakikipaglaban sa inyo, ngunit huwag kayong lumabag; tunay na hindi minamahal ni Allah ang mga lumalabag.”**(2:190). Nagsabi pa Siya: **“Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo naki-kipaglaban alang-alang sa landas ni Allah at sa mga sinisiil na mga lalaki, mga babae at mga bata, na nagsasabing: “Panginoon namin paalpasin Mo po kami sa bayang ito na lumalabag sa katarungan ang mga naninirihan dito. Magtalaga Ka po para sa amin mula sa Iyo ng isang tagatangkilik at magtalaga Ka po para sa amin mula sa Iyo ng isang tagatulong.””**(4:75).

Ang layunin ng pakikibaka sa Islam ay ang pangibabawin ang katotohan, palaganapin ang katarungan sa mga tao, kalabanin ang mga nang-aapi at naniniil sa mga tao, at pumipigil sa kanila na sambahin si Allah at yumakap sa pananampalatayang Islam. Gayon pa man, inaayawan ng pakikibaka sa Islam ang ideya ng pamimilit sa mga tao upang pumasok sa pananampalatayang Islam. Sinabi ni Allah: **“Walang pilitan sa relihiyon.”**(2:256). Sa sandali ng labanan ay hindi ipinahihintulot sa Muslim na pumatay ng isang babae, ng isang batang munti at ng isang matanda. Sa halip, ang kakalabanin lamang ay ang mga mapang-aping mandirigma.

Ang sinumang mapatay na nakikipaglaban para kay Allah, siya ay isang martir at magkakaroon siya ng magandang kalagayan (sa Kabilang-buhay) at gantimpala mula kay Allah. Sinabi ni Allah: **“Huwag ngang akalain ninyo na ang mga napatay alang-alang sa landas ni Allah ay mga patay, bagkus**

**mga buhay sa piling ng Panginoon nila, na tinutustusan, na mga natutuwa sa ibinigay sa kanila ni Allah mula sa kagandahang-loob niya at nagagalak para sa mga hindi pa nakasunod sa kanila mula sa naiwan nila na wala nang pangamba sa mga ito at hindi na ang mga ito malulungkot.”**(3:169-170).

## 10. Ang Pananalangin, ang Pag-aalaala kay Allah, at ang Pagbabasa ng Qur’an

Tuwing nadagdagan ang pananampalataya ng mananampalataya, nadadagdagan ang pagkakaugnay niya kay Allah, ang pagdalangin niya sa Kanya at ang pagsusumamo niya sa Kanya na ipagkaloob ang kanyang pangangailangan sa mundo, na patawarin sa kanyang mga kasalanan at mga nagawang masama, at na itaas ang kanyang antas sa kabilang buhay. Si Allah ay mapagbigay at galante. Ibig Niyang may mga nananalangin sa Kanya: **“Kapag tinanong ka ng mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: “Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin;”**(2:186).

Ilan din sa mga katangian ng isang mananampalataya ang madalas na pag-aalaala kay Allah sa gabi at araw, palihim at hayagan. Ipinag-bubunyi niya si Allah sa pamamagitan ng sarisaring paraan ng mga pagpupuri at pag-aalaala. Halimbawa ay ang pagsabi ng **subhanálláh** (Kaluwalhatian kay Allah), **alhamdu lilláh** (Ang papuri ay ukol kay Allah), **lá iláha illalláh** (Walang Diyos kundi si Allah), **alláhu akbar** (Si Allah ay dakila) at iba pang anyo ng paggugunita kay Allah. Magbubunga ito ng malaking gantimpala at ng masaganang pabuya mula kay Allah.

Sa isang Hadíth ay nagsabi ang Sugo (SAS): ***“Nauna na ang mga mufarrid.”*** May mga nagsabi: ***“Ano po ang mga mufarrid, o Sugo ni Allah?”*** Nagsabi siya: ***“Ang mga lalaking nag-aalaala ang mga babaeng nag-aalaala kay Allah nang madalas.”***

Nagsabi si Allah: **“O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas na pag-aalaala, at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga at gabi.”**(33:41). Nagsabi pa Siya: **“Kaya alalahanin ninyo Ako, alalahanin Ko rin kayo. Magpasalamat kayo sa Akin at huwag kayong tumangging magpasalamat.”** (2:152).

Kabilang din sa pag-aalaala kay Allah ang pagbigkas sa Aklat ni Allah, ang Banal na Qur’an. Sa tuwing dinadalasan ng isang tao ang pagbigkas sa Qur’an at pagbubulay-bulay rito, nadadagdagan ang antas niya para kay Allah. Sasabihin sa nagbabasa ng Qur’an sa araw ng pagkabuhay ang ganito: “Basahin mo at bigkasin mo [ang Qur’an] gaya ng pagbigkas mo sa mundo sapagkat ang tunay na ang antas mo ay nasa huling talata na babasahin mo.”

## 11. Ang Pag-aaral ng Islam at ang Pagtuturo Nito sa mga Tao at ang Pag-aanyaya Para Rito

Sinabi ng Propeta (SAS): ***“Ang sinumang tumahak ng isang daan upang maghanap dahil doon ng karunungan, padadaliin ni Allah para sa kanya ang isang daan patungp sa paraiso. Ang kalamangan ng nakaaalam sa isang mananamba ay gaya ng kalamangan ng buwan sa lahat ng mga tala. Tunay na ang mga anghel ay nagbababa ng mga pakpak nila sa naghahanap ng karunungan tanda ng kasiyahan sa ginagawa niya.”*** Nagsabi pa ang Propeta (SAS): ***“Ang pinakamainam sa inyo ay ang nag-aral ng Qur’an at ang nagtuturo nito.”*** Sinabi pa niya: ***“Tunay na ang mga anghel ay***

***nananalangin ng pagpapala para sa nagtuturo sa mga tao ng kabutihan."*** Sinabi pa niya: ***"Ang sinumang nag-anyaya sa patnubay, makakamit niya ang tulad sa kabayaran ng mga gumawa ayon dito nang hindi nababawasan ng anuman ang mga kabayaran nila."*** Nagsabi naman si Allah: **"Sino pa ang higit na magaling sa pananalita kaysa kanya na nag-anyaya tungo kay Allah, gumawa ng matuwid at nagsabi: "Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim.""**(41:33).

## 12. Ang Pagkalugod sa Hatol ni Allah at ng Sugo Niya

Hindi dapat tumutol sa bagay na isinabatas ni Allah sapagkat si Allah ang pinakamainam na Tagahatol sa mga humahatol at ang pinakamaawain sa mga maawain. Walang anumang lihim sa lupa ni sa langit ang maililihim sa Kanya. Ang Kanyang kahatulan ay hindi naiimpluwensiya ng mga kapritso ng mga tao at mga mithiin ng mga maniniil. Bahagi ng awa Niya na gumawa Siya ng mga alitun-tunin para sa mga lingkod Niya na makabubuti sa kanila sa mundo at Kabilang-buhay. Hindi Siya nag-aatang sa kanila ng tungkuling hindi nila makakaya. Kabilang sa hinihiling ng pagkaalipin kay Allah ang pagpapahatol sa anumang isinabatas Niya sa lahat ng bagay kalakip ng taos-pusong pagkalugod doon.

Nagsabi si Allah: **"Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya maliban kung pahahatulin ka nila sa anumang naganap na hidwaan sa pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila nakasusumpong sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang totoong pagpapasakop."**(4:65). **"Kaya ang hatol ng kamangmangan ba ay hinahangad nila? Sino pa ang higit na magaling kaysa kay Allah sa paghatol para sa mga taong nakatitiyak?"**(5:50).

# Ang mga Ipinagbabawal

## 1. Ang Shirk

Ang Shirk ay ang pagbabaling ng anumang uri mula sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah gaya ng pagpapatirapa sa iba pa kay Allah, o pananalangin sa iba pa kay Allah at paghiling dito na tugunin ang mga pangangailangan, o pag-aalay ng mga handog na hayop sa iba pa kay Allah, o pag-uukol ng anumang uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah—buhay man o patay, libingan man o estatwa, bato man o kahoy, propeta man o anghel, mabuting tao man o hayop, o maging ano pa man ang dinadalanginan. Lahat ng ito ay kabilang sa Shirk na hindi patatawarin ni Allah ang nakagawa nito kung hindi ito magsisi at muling pumasok sa Islam. Nagsabi si Allah: **"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang iba pa roon sa kaninumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allah ay nakagawa na ng mabigat na kasalanan."**(4:48).

Kaya ang Muslim ay walang sasambahin kundi si Allah at walang dadalanginan kundi si Allah. Sinabi ni Allah: **"Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko at ang kamatayan ko ay para kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin; at ako ay una sa mga Muslim.""**(6:162-163).

Bahagi rin ng Shirk ang paniniwala na si Allah ay may asawa o anak—napakataas ni Allah para doon—o ang paniniwala na bukod pa kay Allah ay may mga diyos na nangangasiwa sa sandaigdigang ito. Sinabi ni Allah: **"Kung sa mga *Langit at Lupa na* ito ay may mga diyos maliban kay Allah, talagang nasira na sana ang mga ito. Kaya**

**napakamaluwalhati ni Allah, ang Panginoon ng Trono, para sa mga inilalarawan nila.”**(21:22).

## 2. Ang Panggagaway,[12] ang Panghuhula,[13] at ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid[14]

Ang panggagaway at ang panghuhula ay kawalan ng pananam-palataya. Ang manggagaway ay hindi magiging manggagaway kundi sa pamamagitan ng kaugnayan niya sa mga demonyo at pagsamba niya sa kanila sa halip na kay Allah. Dahil doon, hindi ipinahihintulot sa Muslim na pumunta sa mga manggagaway at mga manghuhula at hindi rin ipinahihintulot na paniwalaan sila sa pagsisinungaling nila, gaya ng sinasabi nilang kaalaman daw hinggil sa Nakalingid, at sa mga ipinababatid nilang mga pangyayari at mga balitang hinulaan nilang magaganap sa hinaharap. Nagsabi si Allah: **“Sabihin mo: “Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga Langit at Lupa ang Nakalingid, maliban kay Allah”**(27:65). Sinabi pa Niya: **“*Siya* ang nakaaalam sa Nakalingid; hindi Siya naghahayag sa Inilingid Niya sa isa man, maliban sa sinumang kinalugdan Niya na sugo at tunay na Siya ay nagpapalalakad sa unahan nito at sa likuran nito ng *mga anghel na* nag-aabang.”**(72:26-27).

---

12 Ang panggagaway o ang *sihr* sa wikang Arabe ay ang anumang gawaing gumagamit ng karunungang itim o nagpapatulong sa mga jinní o mga masamang espiritu. Ang mga taong maituturing na nagsasagawa ng panggagaway ay ang mahikero, albularyo, mangkukulam, *faithhealer*, mangagayuma, manghuhula, at iba.

13 Ang pagpapahula ay ipinagbabawal din.

14 Ang Nakalingid, o *Ghayb* sa wikang Arabe, ay ang anumang nakalingid sa mata o pakiramdam o kaalaman gaya halimbawa ng mga nawawalang bagay, mga anghel, mga mangyayari sa hinaharap at iba pa.

## 3. Ang Paglabag sa Katarungan

Ang paglabag sa katarungan ay malawak na paksa na napaloloob dito ang marami sa masasamang mga gawain at masasagwang mga katangian na nakaaapekto sa tao. Napaloloob dito ang paglabag ng tao sa katarungan sa sarili niya (pagpapakasala), ang paglabag niya sa katarungan sa nakapaligid sa kanya (paggawa ng masama o pang-aapi) at ang paglabag niya sa katarungan sa lipunan niya. Bagkus pati ang paglabag niya sa katarungan sa mga kaaway niya. Ipinabatid sa atin ni Allah na hindi Niya iniibig ang mga lumalabag sa katarungan. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS) na si Allah ay nagsabi: ***"O mga lingkod Ko, tunay na Aking ipinagbawal sa sarili Ko ang paglabag sa katarungan at ginawa Ko ito na ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya huwag kayong maglabagan sa katarungan."***

Nagsabi naman ng Propeta (SAS): ***"Tulungan mo ang kapatid mo, gumagawa man ng paglabag sa katarungan o ginagawan ng paglabag sa katarungan."*** Nagsabi ang mga tao: "O Sugo ni Allah, tutulungan namin ito kung ito ang ginawan ng paglabag sa katarungan ngunit papaano namin siyang tutulungan kung siya ay gumagawa ng paglabag sa katarungan?" Nagsabi siya: ***"Pigilin siya sa paglabag sa katarungan."***

## 4. Ang Pagkitil sa Buhay na Ipinagbawal ni Allah na Kitlin Maliban Kung Ayon sa Katarungan

Ito ay malaking krimen sa pananampalatayang Islam. Nagbanta si Allah laban dito ng masakit na pagdurusa at naglaan para rito ng pinakamatinding parusa dito sa mundo. Iyon ay ang kamatayan sa pumatay maliban kung magpapaumanhin ang pamilya ng napatay. Nagsabi si Allah: **"Alang-alang doon, isinabatas Namin sa mga anak ni Israel**

**na ang sinumang pumatay ng tao, hindi *bilang parusa sa pagpatay ng* isang tao o pagggawa ng kaguluhan sa lupa ay para niyang pinatay ang lahat ng tao; at ang sinumang magligtas ng buhay ay para niyang iniligtas ang buhay ng lahat ng tao."**(5:32). **"Ang sinumang papatay sa isang mananampalataya nang sinasadya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno upang manatili roon; magagalit si Allah, isisumpa siya Nito at maghahanda Ito para sa kanya ng isang mabigat na pagdurusa."**(4:93).

## 5. Ang Paglabag sa mga Tao sa mga Ari-arian Nila

Maging iyon man ay pagnanakaw o pangangagaw o panunuhol o panunuba o ano pa man iyon. Nagsabi si Allah: **"Ang lalaking magnanakaw at ang babaeng magnanakaw, putulin ninyo ang mga kamay nila bilang ganti sa nagawa nila—parusang nagsi-silbing aral mula kay Allah. Si Allah ay Makapangyarihan, Marunong."**(5:38). Nagsabi pa Siya: **"Huwag gamitin ng ilan sa inyo ang mga ari-arian ng iba sa inyo sa paraang ipinagbabwal, o ipanuhol ang mga ito sa mga hukom upang magamit ninyo ang isang bahagi ng mga ari-arian ng mga tao sa kasalanan samantalang kayo ay nakaaalam."**(2:188). Sinabi pa Niya: **"Tunay na ang mga kumakain ng mga ari-arian ng mga ulila bilang paglabag sa katarungan, kumakain lamang sila ng apoy sa mga tiyan nila at papasok sila sa Apoy na naglalagablab."**(4:10).

Mariing kinakalaban at tinutuligsa ng Islam ang paglabag sa ari-arian ng ibang mga tao. Nagtakda ito sa lumalabag ng mga matinding parusa na humahadlang dito at sa mga tulad niyang mga sumisira sa patakaran o sa katiwasayan sa lipunan.

## 6. Ang Pandaraya, ang Panlilinlang at ang Pagtataksil

Ipinagbabawal ang mga ito sa lahat ng gawain gaya ng pagtitinda, pagbili, mga kasunduan, at iba pang mga tulad nito. Ang mga ito ay kadusta-dustang mga katangian na ipinagbawal at binigyang-babala ng Islam. Nagsabi si Allah: **"Kapighatian sa mga nandaraya sa pagsukat, na kapag sila ay nagpatakal sa mga tao ay hinihiling nila ang karampatang sukat; subalit kung kapag tinatakalan naman nila ang mga ito o tinitimbangan naman nila ang mga ito ay binabawasan nila. Hindi ba iniisip ng mga iyon na sila ay muling bubuhayin, Sa Dakilang Araw, sa araw na tatayo ang mga tao sa harap ng Panginoon ng mga nilalang."**(83:1-5). Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Ang sinumang mandaya mula sa atin ay hindi kabilang sa atin."*** Nagsabi si Allah: **"Tunay na si Allah ay hindi umiibig sa sinumang mapagtaksil na makasalanan."**(4:107).

## 7. Paggawa ng Masama sa mga Tao

Sa kanilang mga karangalan sa pamamagitan ng panghahamak, panlalait, panlilibak, paninirang-puri, inggit, maling akala, paniniktik, panunuya, at iba pang mga katulad nito. Minimithi ng Islam na magtatag ng isang lipunang malinis na pinaghaharian ng pag-ibig, kapatiran, pagkakasunduan at pagtutulungan. Dahil doon ay mariing kinakalaban ng Islam ang lahat ng mga sakit ng lipunan na nauuwi sa pagkakawatak-watak ng lipunan at sa paglitaw ng poot, suklam, at pagiging pagkamakasarili ng bawat kasapi ng lipunan. Nagsabi ni Allah: **"O mga sumampalataya, huwag mangutya ang ilang mga lalaki sa ibang mga lalaki, baka ang mga *kinukutyang* ito ay mabuti pa sa kanila *na nangungutya*; at huwag *mangutya* ang ilang mga babae sa**

**ibang mga babae, baka ang mga *kinukutyang* ito ay mabuti pa sa kanila *na nangungutya*. Huwag ninyong pintasan ang inyong mga kapwa at huwag kayong magtawagan ng mga taguring masama. Kaaba-abang pangalan ang kabuhu-ngan matapos na ang pananampalataya *ay nakamtan*. Ang mga hindi nagbalik-loob, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan. O mga sumampalataya, iwaksi ninyo ang maraming paghihinala; tunay na ang ilan sa mga paghihinala ay kasalanan. Huwag kayong maniktik, huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. May isa ba sa inyo na iibiging kainin ang laman ng kapatid niya na patay? Kasusuklaman ninyo ito. Mangilag kayong magkasala kay Allah, tunay na si Allah ay Palatanggap ng pagsisi, Maawain."**(49:11-12).

Kinakalaban din ng Islam ang pagtatangi-tangi batay sa lahi at batay sa uring panlipunan sa pagitan ng mga kasapi ng lipunan. Ang lahat ay pantay sa tingin ng Islam. Walang kalamangan ang Arabe sa di-Arabe at ang puti sa itim maliban na lamang sa laki ng pana-nampalataya at pangingilag sa pagkakasala kay Allah na dinadala ng sinuman sa kanila sa kanyang puso. Ang lahat ay pantay-pantay na nagpapaligsahan sa paggawa ng mabuti. Nagsabi si Allah: **"O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkaka-sala.Tunay na si Allah ay Maalam, Nakababatid."** (49:13).

## 8. Ang Pagsusugal at ang Pag-inom ng Alak at ng Nakasusugapa

Sinabi ni Allah: **“O mga sumampalataya, ang alak, ang pag-pusta, ang mga dambana at ang mga pagpapahula ay kasala-ulaan na kabilang sa gawa ni Satanas. Kaya iwaksi ninyo ito, nang harinawa kayo ay magtatagumpay. Ninanais lamang ni Satanas na pukawin sa isa’t isa sa inyo ang poot at ang suklam sa pama-magitan ng alak at sugal, at hadlangan kayo sa paggunita kay Allah at pagdarasal, kaya magsisitigil na ba kayo?”**(5:90-91).

## 9. Ang Pagkain ng Karne ng Hayop na Namatay na Hindi Nakatay, ng Dugo at ng Baboy

Kabilang din dito ang lahat ng marurumi na nakasasama sa tao at gayon din ang mga hayop na kinatay upang ialay sa iba pa kay Allah. Nagsabi si Allah: **“O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa mga mabubuti na itinustos Namin sa inyo. Magpasalamat kayo kay Allah, kung kayo ay sa Kanya sumasamba. Ipinagba-wal Niya lamang sa inyo ang namatay, ang dugo, ang laman ng baboy, at ang anumang inialay sa iba pa kay Allah. Subalit ang sinumang napilitan, hindi dahil sa naghahangad *niyon* ni lumalampas *sa pagpawi ng gutom*, wala siyang pagkakasala. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.”**(2:172-173).

## 10. Ang Pangangalunya at *Sodomy*

Ang pangangalunya ay gawaing masagwa na nakasisira sa mga kaasalan at mga lipunan at nagiging sanhi ng pagkakahalo-halo ng talaangkanan (pagkakalituhan kung sino-sino ang mga kamag-anak ng isang tao) at pagkasira ng mga mag-anak at pagkawala ng wastong edukasyong moral. Nadarama ng mga

anak sa pangangalunya ang kapaitan ng krimen na ito at ang pagkasuklam ng lipunan. Sinabi ni Allah: **“Huwag ninyong lapitan ang pangangalunya; tunay na ito ay isang kahalayan at masamang landas.”**(17:32).

Ito rin ang dahilan ng paglaganap ng mga karamdaman sa ari na nagwawasak sa buhay ng lipunan ng lipunan. Sinabi ng Sugo (SAS): ***“Kapag kumalat ang kahalayan sa mga tao hanggang sa harapan nilang ginagawa ito, lalaganap sa kanila ang salot at ang mga sakit na wala noon sa mga ninuno nila.”*** Dahil doon, ipinag-utos ng Islam na hadlangan ang lahat ng pintong humahantong dito. Kaya inatasan nito ang mga Muslim na ibaba ang mga paningin sapagkat ang bawal na tingin ay simula ng daan papunta sa pangangalunya at inutusan niya ang mga kababaihan na magbalot ng sarili, huwag makihalubilo sa mga lalaking hindi kaanu-ano at maging mabini upang mapangalagaan ang lipunan sa mga mahalay na bisyo. Kapalit nito ay ipinag-uutos, hinihikayat at inuudyukan ang pag-aasawa. Hindi lamang iyon, nangako rin ito na gagantimpalaan ang mag-asawa sa kanilang pagtatalik na ginagawa. Ito ay upang maitatag ang mga mag-anak na mararangal, mabini at karapat-dapat na maging kanlungan sa matagumpay na pagpapalaki ng bata ng ngayon at lalaki o babae ng bukas.

## 11. Ang Pakikinabang sa Patubo sa Pautang

Ang pagpapatubo sa utang ay nakasisira sa ekonomiya at isang pagsasamantala sa pangangailangan ng nangangailangan ng pera, maging siya man ay isang negosyante na nangangailangan para sa kanyang negosyo o isang mahirap dahil sa kanyang kahirapan. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagpapautang ng salapi sa loob ng takdang panahon kapalit ng takdang karagdagan sa bayad sa utang. Ang usurero (nagpapautang ng may patubo) ay nagsasamantala sa mahirap

na nangangailangan sa salapi at pinabibigatan niya ang likod nito ng mga utang na nagkapatong-patong na nadagdag sa prinsipal. Sinasamantala ng usurero ang pangangailangan ng mangangalakal o pabrikador o magsasaka o maging sino man na nagpapapagalaw sa ekonomiya. Sinasamantala niya ang matinding pangangailangan nila sa tuloy-tuloy na daloy ng salapi. Nagpapataw siya na karagdagang bahagi mula sa mga kinikita nila dahil sa ipinautang sa kanila ngunit hindi siya nagiging kahati nila sa kinakaharap nilang mga panganib na dulot ng katumalan at pagkalugi.

Kapag nalugi ang negosyanteng ito, magkakapatong-patong ang kanyang mga utang at dudurugin siya ng usurero. Samantalang kung sakaling naging magkahati sila sa kita at pagkalugi—ang negosyante ay dahil pagpapakapagod niya at ang nagpapautang ay sa dahil sa salapi niya—tuloy-tuloy na gugulong ang gulong ng ekonomiya para sa kapakinabangan ng lahat. Nagsabi si Allah: **“O mga sumampa-lataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at iwan ninyo ang anumang natira sa patubo sa pautang kung kayo ay mga mananampalataya. Ngunit kung hindi ninyo gagawin, tangga-pin ninyo ang pahayag ng digmaan mula kay Allah at sa Sugo Niya. Kung magsisisi kayo ay para sa inyo ang mga puhunan ninyo. Hindi kayo gagawa ng paglabag sa katarungan at hindi kayo gagawan ng paglabag sa katarungan. Kung may kagipi-tan** ***ang nagkautang*** **ay** ***magbigay ng*** **isang palugit hanggang sa kaluwagan; ngunit kung magkakawang-gawa kayo ay mainam para sa inyo, kung nalalaman ninyo.”** (2:278-280).

## 12. Ang Kasakiman at ang Karamutan

Ito ay patunay ng pagkamakasarili at pagmamahal sa sarili. Itina-tago ng maramot ang kayamanan niya at tumatangging

magbigay ng mga zakáh sa mga maralita at mga dukha. Ikinakaila niya ang lipunan niya at tinatanggihan niya ang simulain ng pagtutulungan at pagka-kapatiran na ipinag-utos ni Allah at ng Sugo Niya (SAS). Sinabi ni Allah: **"Huwag akalain ng mga nagmamaramot ng ibinigay sa kanila ni Allah mula sa kagandahang-loob Niya na iyon ay mainam para sa kanila. Bagkus iyon ay masama para sa kanila. Itatali sa leeg nila ang ipinagmaramot nila sa araw ng pagkabuhay. Kay Allah ang minamana sa mga Langit at Lupa. Si Allah, sa anumang ginagawa ninyo, ay Nakababatid."** (3:180).

## 13. Ang Pagsisinungaling at Pagsaksi sa Kabulaanan

Nabanggit na natin ang sabi ng Propeta (SAS): ***"…tunay na ang pagsasabi ng totoo ay pumapatnubay sa kabutihan at tunay na ang kabutihan ay pumapatnubay sa Paraiso. Kailangang hindi titigil ang tao na nagsasabi ng totoo at nagsisikap na magsabi ng totoo hanggang sa isulat siya kay Allah bilang isang makatotoo. Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat ang pagsisinungaling ay nagpapatnubay sa kabuktutan at tunay na ang kabuktutan ay nagpapatnubay sa Impiyerno. Kailangang hindit titigil ang isang tao nagsisinungaling at nagsisikap na magsinungaling hanggang sa isulat siya kay Allah isang sinungaling."***

Kabilang sa mga uri ng kasuklam-suklam na pagsisinungaling ay ang pagsaksi sa kabulaanan. Sinidhian ng Propeta (SAS) ang paghahadlang dito at ang bagbibigay-babala laban sa mga ibubunga nito. Itinaas niya ang kanyang tinig habang nagsasabi sa kanyang mga Kasamahan: ***"Kaingat, ipabatid ko sa inyo ang pinakamalaki sa mga malalaking kasalanan: ang pagtatambal kay Allah, ang pagsuway sa mga magulang."*** Siya ay nakasandig, umupo siya at nagsabi

siya: ***"Kainagat sa pagsabi ng kabulaanan, kaingat sa pagsasaksi sa kabulaanan."*** Hindi siya tumigil na nag-uulit-ulit nito bilang babala sa sambayanang Muslim na masadlak dito.

### 14. Ang Pagkamapagmalaki, ang Kayabangan, ang Paghanga sa Sarili at ang Kapalaluan

Ang pagkamapagmalaki, ang kayabangan at ang kapalaluan ay masagwa, minamasama at kinasusuklamang mga katangian sa Islam. Ipinabatid na sa atin ni Allah na Siya ay hindi nagmamahal sa mga mapagmalaki. Nagsabi Siya hinggil sa kanila sa Impiyerno: **"Hindi ba't sa Impiyerno ay may tirahan para sa mga nagmamalaki?"** (39:60). Kaya ang nagmamalaki, mayabang at humahanga sa sarili ay kinasusuklaman ni Allah at kinasusuklaman ng mga nilikha Niya.

## Pagsisisi sa Nagawang mga Ipinagbabawal

Ang mga malaking kasalanang ito at ang mga ipinagbabawal na nabanggit natin ay kinakailangan sa bawat Muslim na mag-ingat nang labis laban sa pagkasadlak sa mga ito, sapagkat tunay na ang bawat gawaing ginagawa ng tao ay gagantihan siya rito: kung naging mabuti ang ginawa ay mabuti ang ganti, at kung naging masama ang ginawa ay masama rin ang ganti.

Kapag nasadlak ang isang Muslim sa alinman sa mga ipinagba-bawal na ito ay kaagad siyang magdali-dali sa pagsisisi, dudulog kay Allah at hihingi ng kapatawaran sa Kanya. Kailangan sa kanya, kung ang kanyang pagsisisi ay totoo, na kumalas sa pagkakasalang ito, magsisi sa anumang nagawang kasalanan at magtitika na hindi na manunumbalik

doon. Kung may nagawa siyang kamalian sa isang tao, itutuwid niya ang pagkakamali o hihingi ng paumanhin sa taong iyon. Dapat siyang palaging humingi ng kapatawaran kay Allah. Bagkus tungkulin din ng bawat Muslim na dalasan ang paghingi ng kapatawaran sa nalalaman niyang mga kamalian, maliit man o malaki. Sinabi ni Allah: **"Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo, tunay na Siya ay laging Mapagpatawad;"**(71:10). Ang madalas na paghingi ng kapatawaran at pagbabalik-loob kay Allah ay isang katangian ng mga mananampalatayang mapagpakumbaba. Sinabi ni Allah: **"Sabihin mo *na sinabi Ko*: "O mga lingkod ko na nagmalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah; tunay na si Allah ay nagpapatawad sa lahat ng pagkakasala. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain." Magbalik-loob kayo sa Panginoon ninyo at sumuko kayo sa Kanya bago dumating sa inyo ang pagdurusa, pagkatapos ay hindi na kayo matutulungan."**(39:53-54).

# Ang Pagpapahalaga ng mga Muslim sa Kawastuan ng Pagpaparating ng Katuruan ng Islam

Yamang ang mga sinabi, mga ginawa at mga pagsang-ayon ng Sugo ni Allah (SAS) ay ang nagbibigay-linaw sa Salita ni Allah at nagpapaliwanag sa mga kautusan at mga ipinagbabawal ng Islam, pinahalagahan ng mga Muslim nang malaking pagpapahalaga ang kawastuan ng paghahatid ng mga Hadíth[15] na isinalaysay hinggil sa Sugo ni Allah. Nagsikap sila nang maigi sa pagdadalisay sa mga ulat tungkol sa Propeta (SAS) laban sa mga pagdaragdag na hindi naman bahagi ng salita ng Sugo ni Allah (SAS), at sa paglilinaw sa mga salitang pasinungaling na iniugnay sa Sugo (SAS). Gumawa sila para roon ng napakaselang mga patakaran at mga alituntunin na kinakailangan na isaalang-alang sa paghahatid ng mga Hadíth na ito mula sa isang salinlahi patungo sa isang salinlahi.

Tatalakayin natin sa napakaikling salita ang tungkol sa karunu-ngang ito, ang *'Ilmul Hadíth* o **Agham ng Hadíth**, upang maging malinaw sa mambabasa ang bagay na ito na siyang ikinatangi ng Sambayanang Muslim sa iba pang mga relihiyon at paniniwala. Ginawang madali ni Allah ang pangangalaga sa relihiyon Niya na maging dalisay at malinis, hindi nahahaluan ng mga kasinungalingan at mga kabulaanan sa loob ng nagdaang mga panahon.

Nakabatay ang pagpaparating ng Salita ni Allah at ng salita ng Sugo Niya (SAS) sa dalawang pangunahing bagay: ang pagsasaulo at ang pagsusulat. Ang mga sinaunang Muslim ay may pinakamala-king kakayahan sa lahat ng tao sa maingat na

---

[15] Ulat hinggil sa kung ano ang sinabi o ang ginawa o ang pinagtibay ng Sugo (SAS).

pagsasaulo at malawak na pagkaunawa sapagkat nagtataglay sila ng natatanging kalinawan ng pag-iisip at lakas ng memorya. Ito ay alam ng lahat na nakabasa sa mga kasaysayan nila at nagsiyasat sa mga ulat hinggil sa kanila. Naririnig noon ng Sahábí (isang Kasamahan ng Sugo (SAS)) ang Hadíth mula mismo sa bibig ng Sugo ni Allah (SAS) at naisasaulo niya ito nang maigi at siya mismo ang magpaparating nito sa isang tábi'í (isang tagasunod ng isang Kasamahan ng Propeta) na siya namang magsasaulo nito at pagkatapos ay magpaparating nito sa iba. Ganito nagpatuloy ang paghahatid ng Hadíth hanggang sa makarating sa isa sa mga pantas ng Hadíth na nagtatala ng mga Hadíth, nagsa-saulo ng mga ito at nagtatala nito sa isang aklat. Binabasa niya ang aklat na ito sa mga estudyante niya at isinasaulo at isinusulat naman nila ang mga Hadíth na ito at pagkatapos ay binabasa nila sa mga mag-aaral nila. Gayon ng gayon hanggang sa makarating ang mga aklat na ito ng mga Hadíth sa lahat ng mga kasunod na salinlahi sa ganitong paraan at ganitong sistema.

Dahil dito hindi tatanggapin kailanaman ang isang Hadíth hinggil sa Sugo ni Allah (SAS) kung hindi nalalaman ang tala nito ng mga mananalaysay na nagparating sa atin ng Hadíth na ito. Bunga nito ay may isa na namang karunungang ikinatangi ang Islam sa iba mga relihiyon at iyon ay ang *'Ilmur Rijál* (Agham ng mga Mananalaysay) o *'Ilmut Ta'díl wal Jarh* (Agham ng Pagtanggap at Pagtanggi). Ang agham na ito ay may kinalaman sa pag-aalam ng kalagayan ng mga mananalaysay na naghahatid ng mga Hadíth ng Sugo ni Allah (SAS). Nauukol ito sa mga talambuhay nila, petsa ng kapanganakan nila at pagkamatay nila, kung sino ang mga guro nila at ang mga mag-aaral nila, pagpapatotoo sa kanila ng mga pantas na kapanahon, lawak ng kawastuan nila at kahusayan nila sa pagsasaulo,

pagtataglay nila ng katapatan sa pagkatotoo sa pananalita at iba pa roon na mga bagay na pinahahalagahan ng pantas ng Hadíth, upang matiyak ang kawastuan ng Hadíth isinalaysay sa pamamagitan ng kawing ng mga mananalaysay.

Ito ay karunungan na ikinatangi ng Islam dahil sa paghahangad nitong maging wasto ang ulat na inuugnay sa Propeta Niya (SAS). Walang makikita sa kasaysayan, mula sa simula nito hanggang sa panahon natin, na nangyari ang kahanga-hangang malaking pagsisikap na ito ng pangangalaga sa ulat hinggil sa isa sa mga tao tulad ng pangangalaga sa Hadíth (ulat) hinggil sa Sugo ni Allah (SAS). Isa itong malaking kaalamang nakatala sa mga aklat na nagbibigay ng masusing pangangalaga sa pagsasalaysay ng Hadíth at paglalahad ng detalyadong talambuhay ng libo-libong mga mananalaysay; hindi dahil sa kung ano pa man kundi sapagkat sila ang tagapamagitan sa paghahatid ng mga Hadíth ng Sugo ni Allah (SAS) sa mga salinlahi na sumunod sa kanila. Sa karunungang ito ay walang pagpapakitang-giliw sa isa man sa mga tao. Bagkus ito ay gaya ng timbangan sa kawastuan ng pagpupuna: nagsasabi tungkol sa isang sinungaling na siya ay nagsisinungaling, sa isa isang matapat na siya ay nagsasabi ng tapat, sa mahina ang memorya na siya ay mahina ang memorya, at sa malakas ang memorya na siya ay gayon. Gumawa sila para roon ng napakaselang mga panunutunan na nalaman ng mga dalubhasa sa agham na ito.

Ang Hadíth ay hindi magiging *sahíh* (wasto) para sa kanila kung hindi nagkakaugnay sa isa't-isa ang kawing ng mga mananalaysay at kung hindi tinataglay ng mga mananalaysay ang katarungan at ang katapatan sa pananalita kalakip ang lakas at kawastuan ng memorya. Kung ninanais nating dumungaw sa isang maliit na durungawan sa malawak na larangan na ito ng Agham ng Hadíth ay kunin nating halimbawa ang isa roon.

Buklatin natin, halimbawa, ang malaking aklat na Sahíh ni al-Bukhárí, na yumao noong taong 256 A.H., sa tomo bilang 1, pahina 126. Basahin natin dito ang sabi niya:

Iniulat ni Abú Na'ím sa amin, iniulat ni Zakaríyá sa amin buhat kay 'Ámir na nagsabi: Narinig ko si Nu'mán Ibnu Bashír na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***"Ang ipinahi-hintulot ay malinaw at ang ipinagbabawal ay malinaw at ang nasa pagitan ng dalawa ay mga bagay na nakapag-aalinlangan na hindi nalalaman ng marami sa mga tao. Kaya ang sinumang nangilag sa mga nakapag-aalinlangan ay napangalagaan niya ang pananampalataya niya at ang karangalan niya. Ang sinumang nasadlak sa mga bagay na nakapag-aalinlang ay gaya ng isang pastol na nagpastol sa palibot ng isang Himá (pastulang pag-aari ng iba) na halos ay mapasok na niya. Kaingat at tunay na ang bawat hari ay may Himá. Kaingat, tunay na ang Himá ni Allah sa lupain Niya ay ang mga ipinagbawal Niya. Kaingat at tunay na sa katawan ay may isang pirasong laman na kapag bumuti ay bubuti ang buong katawan, at kapag naging masama ay sasama ang buong katawan. Tunay na iyan ay ang puso."***

Sino si Abú Na'ím? Sino si Zakaríyá? Sino si 'Ámir? At sino si Nu'mán Ibnu Bashír na pawang mga nabanggit sa tala ng mga mananalaysay ng Hadíth na ito? Kailan sila ipinanganak at kailan sila sumakabilang-buhay? Gaano sila kamapagkakatiwalaan at gaano kawasto ang Hadíth na isinalaysay nila? Sinu-sino ang mga guro nila na pinagkunan nila ng isinalaysay nila na Hadíth? Sinu-sino ang mga mag-aaral nila na nakatanggap mula sa kanila ng mga Hadíth. Ang lahat ng iyon ay matatagpuan nating nakatala sa mga aklat ng '*Ilmur Rijál* ('*Ilmul Jarh wat Ta'díl*).

Buksan mo halimbawa ang aklat na pinamagatang *Tahdhíb at- Tahdhíb*, na natatangi sa pagbanggit sa mga personal na talambuhay ng mga mananalaysay na ito sa pinakamalinaw na anyo at pinaka-tumpak na detalye. Upang makilala si Abú Na‘ím na ito, makikita mo ito na nagsasabi sa iyo ng ganito hinggil sa kanya:

**1.** Abú Na‘ím: Siya si al-Fadl Ibnu Dakín; ito ay isang taguri. Ang pangalan niya ay ‘Amr Ibnu Hamad Ibnu Zuhayr Ibnu Dirham at-Tamímí. Nagsalaysay siya buhat kina al-A‘mash, Ayman Ibnu Jazíl, Salmah Ibnu Nabít̲, ath-Thawrí, Málik Ibnu Anas, Ibnu Abí Zá’idah at iba pa. Marami ang naisalaysay ni al-Bukhárí buhat sa kanya at gayon din sina Abú Bakr Ibnu Abí Shaybah at Is'háq Ibnu Rahawiyah at iba pa. Ipinanganak siya noong katapusan ng taong 130 A.H.

Nagsabi si Hanbal ayon kay Ahmad: Si Abú Na‘ím ay napaka-maalam tungkol sa mga guro, mga kaangkanan nila at buhay ng mga mananalaysay. Nagsabi si Ya‘qúb Ibnu Sufyán: “Nagkaisa ang mga kasamahan namin na si Abu Na‘ím ay lubos sa kahu-sayan.” Sumakabilang-buhay siya noong taong 218 A.H. Nata-pos nang maigsi. (*Tahdhíb at-Tahdhíb*, tomo 8, p. 270-276.)

## Ito Naman ang Masasabi Kay Zakaríyá:

**2.** Zakaríyá: Siya ay si Ibnu Abí Zá’idah Khálid Ibnu Maymún Ibnu Fayrúz Abú Yahya al-Kúfí. Nagsalaysay siya buhat kina Is'háq as-Sabí‘í, ‘ᶓmir ash-Sha‘bí, Samák at iba pa. Nagsalaysay naman buhat sa kanya ang anak niya na si Yahyá, sina ath-Thawrí, abu Na‘ím at iba pa.

Nagsabi si al-Qat̲ t̲án: “Walang masama sa kanya.” Nagsabi naman si an-Nasá’í: “Mapagkakatiwalaan.” Nagsabi naman si ‘Abdulláh, buhat sa ama nito: “Mapagkakatiwalaan, matamis mangusap.” Nagsabi naman

si Ibnu Sa‘d: “Mapagkakatiwalan, maraming naiulat.” Sumakabilang-buhay siya noong taong 147 A.H.. Nagsabi si Ibnu Qáni’: “Siya ay hukom noon sa Kúfah.” Natapos nang maigsi. (*Tahdhíb at-Tahdhíb*, tomo 3, p. 329.)

## Ito ang Masasabi Kay ‘Ámir:

**3.** ‘Ámir ash-Sha‘bí: Siya ay si ‘ءmir Ibnu Sharáhíl Ibnu ‘Abd. Sinabi ring siya ay si ‘ءmir Ibnu ‘Abdulláh Ibnu Sharáhíl ash-Sha‘bí al-Himyarí na isang taga-Kúfah mula sa Sha‘b Hamdán. Nagsalaysay siya buhat kina Sa‘d Ibnu Abí Waqqás, Zayd Ibnu Thábit, Abú Hurayrah, an-Nu‘mán Ibnu Bashír at iba pa. Nagsa-laysay naman buhat sa kanya sina Abu Is'háq as-Sabí‘í, Zakaríyá, Ibnu Abí Zá’dah, al-A‘mash at iba pa. Ang kapanganakan niya ay noong anim na taon matapos maging Khalífah si ‘Umar. Nagsabi si al-‘Ajalí: “Nakinig siya buhat sa 48 Kasamahan ng Sugo.” Nagsabi naman si Mak'húl: “Wala akong nakitang higit na matalino sa kanya.” Nagsabi sina Ibnu Mu‘ín, Abú Zar‘ah at iba pa na sumakabilang-buhay siya noong taong 113 A.H. Sinabi ring noong 114 A.H. Sinabi ring noong 116 A.H. Sinabi ring noong 117 A.H. Natapos nang maigsi. (Tahdhíb at-Tahdhíb, tomo 5, p. 65.)

## Ito ang Masasabi Kay an-Nu‘mán Ibnu Bashír:

**4.** Siya si an-Nu‘mán Ibnu Bashír Ibnu Sa‘d Ibnu Tha‘labah Ibnu Khalás Ibnu Zayd al-Ansárí al-Khazrají. Siya at ang ama niya ay kabilang sa mga S̲ah̲ábí. Siya ay unang isinilang sa panahon ng Islam sa mga Ansár, 14 buwan matapos ang Hijrah. Siya ay naging hukom ng Damascus kasunod ni Fudálah Ibnu ‘Ubayd. Sumakabilang-buhay siya noong taong 65 A.H.. Natapos nang maigsi. (*al-Isábah Fí Tamyíz as-Sahábah*, tomo 5, p. 559.)

Sa tuwing dumarami ang salaysay ng isang mananalaysay ng mga Hadíth, ang ulat sa talambuhay niya ay nagiging malalim, malawak at masaklaw sa maraming bahagi ng buhay niya. Sa tuwing kuma-kaunti ang salaysay niya ng Hadíth, kumakaunti ang pagpapahalaga sa ulat sa talambuhay niya at pinaiiksi sa iilang hanay.

## Huling Paksa Hinggil sa Agham ng Hadíth

Ito ay hinggil sa maramihang kawing ng tala ng mananalaysay ng iisang Hadíth, anupa't umaabot sa atin ang Hadíth na isinasalaysay buhat Sugo ni Allah (SAS) sa pamamagitan ng higit sa isa sa mga kawing ng mananalaysay. Kaya ang iisang Hadíth ay maaaring mag-karoon ng dalawang tala ng pagsasalaysay o tatlo o apat na tala ng pagsasalaysay at kung minsan ay sampung tala ng pagsasalaysay at kung minsan ay higit pa roon.

Sa tuwing dumarami ang kawing ng tala ng pagsasalaysay ay lumalakas ang Hadíth at nadaragdagan ang tiwala sa kaugnayan nito sa Sugo (SAS). Ang Hadíth na isinalaysay ng higit sa 10 mapag-kakatiwalaang mananalaysay sa bawat baytang nito ay tinatawag na Hadíth *mutawátir,* na siyang pinakamapagkakatiwalaan sa mga uri ng pag-uulat para sa mga Muslim. Sa tuwing ang isang usapin ay mahalaga sa pananampalatayang Islam gaya ng paglalahad ng mga saligan ng Islam, halimbawa, ang mga salaysay na *mutawátir* ay higit na marami para rito, at dumarami ang mga tala ng mananalaysay. Sa tuwing ang isang usapin ay kabilang sa mga di-pangunahing usapin at mga *mustahabb* (gawaing kanais-nais na isagawa ngunit hindi isang obligasyon) ang mga tala ng mananalaysay para rito ay higit na kaunti, at ang pagpapahalaga para rito ay higit na mahina.

Ang pinakamataas na pagpapahalaga sa pagsasalaysay na pina-ngalagaan ng mga Muslim ang kawastuhan ng pagpaparating ay ang pagpaparating ng Banal na Qur'an. Nakatanggap ito ng mataas na pangangalaga sa pagsulat nito sa mga pahina, sa pagsasaulo nito at  pagpapahusay sa pagbigkas ng mga salita nito at paraan ng pagbasa nito. Ipinarating ito sa pamamagitan ng libu-libong kawing ng pag-sasalaysay sa nagdaang nagkasunod-sunod na mga salinlahi. Dahil doon, hindi napasok ang Qur'an ng kamay ng pagbabago at pagpapalit sa paglipas ng mga taon. Kaya ang kopya ng Qur'an na binabasa sa kanluran ay ang mismong Qur'an na binabasa sa silangan, at ang mismong Qur'an na matatagpuan sa iba't-ibang bahagi ng mundo, bilang pagpapatotoo sa sinabi ni Allah: **"Tunay na Kami, Kami ay nagpababa sa Paalaala,**[16] **at tunay na Kami ay talagang mag-iingat nito."**(15:9).

[16] Paalaala ang isa sa mga pangalan ng Qur'an.

## Pagwawakas

Ito ang Relihiyong Islam na nagpapahayag sa pamumukod-tangi ni Allah sa pagkadiyos. Ang sawikain nito ay: Walang Diyos kundi si Allah. Ito ang Islam na kinalugdan ni Allah para sa mga lingkod Niya bilang relihiyon. **“Sa araw na ay binuo Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, nilubos Ko sa inyo ang pagpapala Ko at kina-lugdan Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon.”**(5:3).

Ito ang Relihiyong Islam, na hindi tatanggapin ni Allah mula sa sinuman ang isang relihiyon na iba pa rito. **“Ang sinumang mag-hahahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon ay hindi iyon matatanggap sa kanya, at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga mapapahamak.”**(3:85).

Ito ang Relihiyong Islam na ang sinumang sumampalataya rito at gumawa ng matuwid, siya ay mapabibilang sa mga matagumpay sa Paraiso ng Kaginhawahan. **“Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid ay makakamit nila ang mga Hardin ng Paraiso bilang pang-aliw. Mga mananatili roon, hindi na sila maghahangad ng pag-alis buhat doon.”**(18:107-108).

Ito ang Relihiyong Islam na hindi isang monopolyo ng isang pangkat ng mga tao at hindi laan lamang sa isang lahi ng tao. Bagkus ang sinumang sumampalataya rito at nag-anyaya sa mga tao rito, siya ay pinakanararapat sa mga tao para rito. Siya ang pinakamarangal para kay Allah. **“Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang pinakamapangilag sa inyo sa pagkakasala.”**(49:13).

Tungkulin natin na tawagin ang pansin ng mambabasa laban sa mga pangunahing bagay na bumabalakid sa mga tao at sa Islam at humahadlang sa kanila sa pagpasok dito.

1. Ang kawalang kaalaman sa Relihiyong Islam: sa katuruan nito, sa batas nito at mga kagandahang asal na itinuturo nito. Ang mga tao ay mga kaaway ng mga hindi nila nalalaman. Dahil doon, kailangang sa isang nagnanais na malaman ang Relihiyong Islam na magbasa at magbasa at magbasa pa hanggang sa malaman niya ang relihiyong ito mula sa mga orihinal na reperensiya nito, at na ang pagbabasa nawa ay may espiritu ng makatarungang kawalang pagkiling at naghahanap sa katotohan nang buong kawagasan.
2. Ang panatisismo sa relihiyon, kaugalian, at kulturang kinagisnan ng isang tao. Ang walang malalim na pag-iisip at pagmumuni-muni kung gaano katotoo ang relihiyong kinalakihan ng isang tao at ang pananaig sa kanya ng nasyonalismo ang dahilan ng pagtanggi niya sa bawat relihiyong iba sa relihiyon ng kanyang mga magulang at mga ninuno. Ang panatisismo ang nagpapapikit sa mga mata, ang nagtatakip sa mga tainga at tumatabing sa mga pag-iisip. Kaya naman hindi nakapag-iisip nang malaya at walang pagkiling ang isang tao at hindi niya nakikita ang pagkakaiba ng mga kadiliman sa liwanag.
3. Ang mga kapritso, mga hangarin, at mga mithiin ng tao. Ang mga ito ang nagdadala sa pag-iisip at pagnanais sa kung saan lamang nito naisin at sa kung ano ang makakasira sa tao nang hindi nito nararamdaman, at siya ring pumipigil sa kanya na tanggpin ang katotohanan at sumuko rito.
4. Ang mali at mapanirang-puri na paninisi sa pananampalatayang Islam sa pagkakaroon ng ilang mga kamalian at mga paglihis sa panig ng ilang mga Muslim. Ang Islam ay walang kinalaman sa mga ito at dapat na alalahanin ng lahat na ang Relihiyon mula kay Allah ay walang pananagutan sa mga kamalian ng tao.

Ang pinakamadaling paraan upang malaman ang katotohanan at ang patnubay ay ang ibaling ng tao ang kanyang puso kay Allah nang may pagbabalik-loob at pagpapakumbaba. Magsusumamo siya sa paghiling kay Allah na patnubayan siya sa tuwid na landas at sa matuwid na relihiyon na iniibig at kinalulugdan ni Allah. Sa ganito makakamit ng isang tao ang kaaya-ayang buhay at walang hanggang kaligayahan na hindi na siya malulungkot magpakailanman. Dapat niyang malamang si Allah ay dumidinig sa dalangin ng nananalangin kapag nanalangin sa Kanya. Sinabi ni Allah: **"Kapag tinanong ka ng mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: "Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin; kaya dinggin nila Ako at sumampalataya sila sa Akin, nang harinawa sila ay magagabayan.""**(2:186).